Magasin ng
BAGONG Buhay
HUNYO 9, 1957



## Mga Sulat Sa Editor

May sinusulat po akong artikulo tungkol kay Gloria Romero. Ito po ay ang magandang kasaysayan ng pagkakatuklas sa kanya bilang bituin. Maaari po bang ipadala ko sa inyo? Magkano po naman ang bayad, kung sakaling ito'y malalathala? — *Elmer Fidel, Kamuning, Siyudad Quezon.*

**Masyadong marami na hong nalathala tungkol sa "pagkakatuklas" kay Gloria Romero, kaya hindi na ho lubhang magugustuhang basahin ng ating mga mambabasa. Hindi namin kayo masagot tungkol sa paglalathala niyan... at lalo na tungkol sa bayad. —ED.**

---

Mainam ang inilabas ninyong lathala tungkol sa yumaong Pablo N. Bautista na kasamang nasawi nang bumagsak ang aeroplanong *Mt. Pinatubo*. Kasiya-siya ring mabasa ng madla ang kasaysayan ng mga taong iyon na nagkaroon din naman ng malalaking pangalan dahil sa nangyaring sakuna. Isa pa'y kinikilala si G. Bautista na isang batikang manunulat, at katunaya'y marami na siyang tinamong karangalan sa pagiging kuwentista.

Lalo sanang mabuti kung ilalathala rin ninyo ang buhay o kasaysayan ng ibang taong kasamang namatay sa malungkot na sakunang iyon na ikinasawi ng Pangulong Magsaysay. —*Albina F. Montemayor, Economia, Sampalok, Maynila.*

**Mabuti naman at nagustuhan pala ninyo ang inilalathala namin tungkol sa yumaong PNB. Titingnan ho namin kung mailalathala rin namin ang iba pang binanggit ninyo.. ED.**

---

Binabati namin kayo sa paglalathala ng mga tunay na pangyayaring nakapagbibigay-aral. Sa ngayon ay bihira nang makabasa sa ibang babasahin ng mga kuwento o lathalaing nakapagbibigay

(Sundan sa pah. 4)

# 59 NA TAON NA NGAYON...



### Ang Ika-12 Ng Hunyo, 1898 Ay Lubhang Makasaysayan Sa Mga Pilipino Sapagka't Sa Araw Na Iyan Ipinahayag Ang Unang Pagsasarili Ng Ating Bayan

SA MIYERKULES, ika-12 ng Hunyo, ay minsan pang gugunitain at ipagdiriwang ang kaarawan ng pagkakapahayag ng ating kalayaan sa Kawit, Kabite, may limampu't siyam na taon na ang nakararaan. Ang araw na ito'y lubhang mahalaga sa ating kasaysayan, at itinuturing na isang sagradong araw ng mga makabayan at bayaning Pilipino.

Kaugnay ng paggunita sa dakilang araw na iyan, nararapat ding isama nating gunitain ang mga pangyayaring umiikot sa ating kasaysayan bago naganap ang pagkakapahayag ng ating unang kasarinlan, na masasabing si Heneral Emilio Aguinaldo ang siyang gumanap ng mahalagang papel...

Noon ay panahon pa ng kadiliman ng ating bayan. Si Heneral Emilio Aguinaldo at ang kanyang pangkat ay nasa Hongkong, nang si Primo de Rivera ay biglang magtalosira sa kanilang kasunduan tungkol sa Pakto ng Biyak na Bato.

Gayon na lamang ang sama ng loob ng heneral. Sa mungkahi ng ilang mataas na pinunong Amerikano sa Hongkong, si Aguinaldo at ang kanyang pangkat ay muling nagbalik sa sariling bayan.

Sa Kabite ay buong galak na sinalubong siya ni Almirante George Dewey at ipinagkaloob sa kanya ang mga nararapat na parangal at pamimitagan na dapat iukol sa isang mataas na pinuno ng bayan.

Sa kanilang pagtatagpong yaon ay napag-usapan nina Aguinaldo at Dewey ang tungkol sa paglaya ng Pilipinas. Nasabi pa ni Aguinaldo na ano man ang mangyari ay ipagpapatuloy niya ang pakikipaglaban sa mga Kastila, kung sa ganitong paraan lamang matamo ang kalayaan ng kanyang bayan.

Nagalak si Dewey sa sinabing yaon ni Aguinaldo. Sinabi pa ng una, na ang kalayaan ng Pilipinas at ang karapatan ng kanyang mga mamamayan ay igagalang ng bansang Amerika. Idinugtong pa ng mataas na pinunong Amerikano na sa kanilang usapan ay hindi na kailangan pa ang kasulatan, sapagka't ang kasulatan ay nababago tulad nang nangyari sa Pakto ng Biyak na Bato.

Matapos ang pag-uusap na yaon ay ipinahayag ni Heneral Emilio Aguinaldo sa mga mamamayan na muling ipagpatuloy ang kanilang pakikidigma laban sa pamahalaan ng bansang Espanya. Sinabi pa ni Aguinaldo sa mga taong bayan na sa kanyang pakikipagkasundo sa mga kinatawan ng bansang Espanya sa Biak na Bato ay inaakala niyang magkakaroon ng ganap na kapayapaan sa Pilipinas at ang ating kalayaan ay kanilang ipagkakaloob, nguni't siya ay nagkamali. Ang mga kinatawan ng bansang Espanya ay hindi tumupad sa kanilang kasunduan, kaya't walang nalalabing paraan kundi ang lubos na pakikidigma laban sa mga manlulupig na Kastila.

Pagkatapos na manawagan ay itinakda ni Aguinaldo ang ika-31 ng Mayo, 1898, na siyang araw na dapat ipag-alsa ng bayan. Ipinakiusap din ng heneral sa mga mamamayan na kailangang magkaisa sila upang sa gayon ay mabuo ang lakas laban sa kaaway at matamo natin ang ganap na tagumpay.

—Kailangang igalang natin ang mga kabuhayan at karapatan ng mga dayuhan dito sa ating bayan. Naipangako ko, hindi lamang sa Almirante ng bansang Amerika na ngayon ay naririto sa ating bayan kundi pati sa mga mataas na kinatawan ng ibang bansa, na ang digmaang ito ay ating ipakikipaglaban ng naaayon sa batas ng mga bansang sibilisado...

Ang talumpating yaon ni Heneral Emilio Aguinaldo ay ipinagbunyi ng mga mamamayan. Sa kanilang damdamin ay muling nag-init ang hangaring makidigma alang-alang sa kanilang napasimulan nang pakikipagbaka nang dahil sa kalayaan.

Habang nalalapit ang dakilang araw na itinakda ni Heneral Aguinaldo upang muling magbangon ang mga Pilipino ay lalo namang nasasabik ang mga manghihimagsik. Samantala, ang hukbo ng bansang Espanya ay lalo namang nababalisa at hindi nila malaman kung ano ang kanilang gagawin.

Si Heneral Peña ay nagpahatid-kawad sa Maynila na humihingi ng tulong sa gobernador-heneral, nguni't ang pahatid-kawad ay hindi sinagot at walang isa mang kawal na dumating sa Kabite.

Nang sumapit ang ika-28 ng Mayo ang bayan ng Imus ay halos naliligid na ng mga manghihimagsik. Nang malaman ni Sarhento Camacho ang gipit na kalagayan ay agad tinipon ang kanyang mga tauhan at noon din ay sinalakay ang mga manghihimagsik. Datapwa't ang mga tauhan ni Camacho ay madaling napipilan ng mga Pilipino.

Yaon ang naging simula ng muling pakikipaglaban ng mga Pilipino alang-alang sa kalayaan. Mula noon ay naging malimit na ang pananalakay ng mga manghihimagsik. Sa mga sagupaang naganap ay laging sa panig ng mga Pilipino ang tagumpay.

Bunga ng sunud-sunod na kabiguan, ang ginawa ni Heneral Peña ay nagtatag ng isang matibay na hukbo na binubuo ng tatlong daang katao. Ang pangkat na yaon ay ipinailalim niya sa matalinong pamumuno ni Komandante Pagos. Noon din ay iniutos ni Heneral Peña kay Komandante Pagos at sa mga

MAGASIN NG BAGONG Buhay
Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY
Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon
Namamatnugot: EDDIE RANOLA
GREGORIO R. FLORENCIO, Kagawad
PETE VENEZUELA, Sa sining



Ilan sa matatandang beterano ng Unang Himagsikan na laging nakikipagdiwang kung sumasapit ang makasaysayang araw ng pagkakapahayag ng Unang Republika ng Pilipinas. Hindi nila nakakaligtaang dalhin ang mga bandilang sagisag ng kanilang kabayanihan na nagsisipamula na sa kalumaan at karamiha'y tadtad ng tama ng punlo sa kinasuungan nilang mga labanan.

Ang Kawit, Kabite ay isa sa pinakamakasaysayang pook sa Pilipinas, sapagka't dito ipinahayag ang ating unang pagsasarili. Kuha ang larawan sa ibaba nang ipagdiwang ang ika-56 anibersaryo ng Unang Republika ng Pilipinas. Makikita si Hen. Emilio Aguinaldo sa balkonahe ng kanilang tahanan samantalang nagdaraan ang parada ng mga bandila at ng matatandang beterano.



*Sinulat ni*
***ARTURO MA. MISA***

tauhan nito na lusubin ang kutang pinagtataguan nina Hipolito Sakilayan. Nguni't tulad ng mga nakaraang labanan ay muling nabigo ang mga Kastila. Ang pangkat na yaon ni Komandante Pagos ay nahulog na lahat sa kamay ng mga tauhan ni Sakilayan.

Muling ipinagdiwang ng mga manghihimagsik ang kanilang tagumpay. Kinabukasan ay buong pagkakaisang nagbangon ang buong lalawigan ng Kabite. Sinalakay ni Heneral Mariano Noriel at ng kanyang mga tauhan ang bayan ng Bacoor, si del Rosario ay nagtungo sa Kawit, si Luciano San Miguel at ang kanyang pangkat ay sumagupa sa Nobeleta, si Cailles ay sa Salinas, si Jacinto Pulido ay sa Tanza, at sina Ricarte at Trias ay sa San Francisco de Malabon naman sumalakay.

Ang naging wakas ng mga pananalakay na yaon ay panibagong tagumpay sa panig ng mga manghihimagsik. Bago natapos ang buwan ng Mayo, ang buong lalawigan ng Kabite ay nasa kamay na ng mga manghihimagsik. Si Heneral Peña, sampu ng kanyang mga matataas na pinuno't kawal na nagkapalad na mabuhay, ay pawang naging bilanggo ng digma.

Bunga ng tagumpay na yaon ay agad bumalikwas ang mga lalawigang nakapaligid sa Maynila. Ang unang nagbangon ay ang lalawigan ng Bataan. Ito ay sinundan ng Bulakan sa pamumuno ni Heneral Gregorio H. del Pilar, ng Laguna sa ilalim ni Paciano Rizal kapatid na matanda ng ating bayaning si Gat Jose P. Rizal), ng Tarlak sa pamamatnugot ni Francisco Makabulos, ng Pampangga sa ilalim ni Heneral Maximo Hizon, ng Batangas sa pamumuno ni Miguel Malvar, ng Bikol sa ilalim ni Vicente Lukban. at ng gawing timog ng Luson sa pamumuno naman nina Miguel Tinio at Pablo Tecson.

Mula sa himpilang pangkalahatan ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Kabite, ay walang patid ang dating ng mga pahatid-kawad mula sa iba't ibang lalawigan na kinaganapan ng mga labanan. Ayon sa mga pahatid-kawad ay madaling napipilan ng mga Pilipino ang mga Kastila. Ang pagsuko ng bawa't pangkat ay nilalagdaan ng kani-kanilang matataas na pinuno ayon sa patakaran ng digma.

Nang mga unang linggo ng Hunyo ay nakipagkita si Almirante George Dewey kay Heneral Emilio Aguinaldo sa tahanan nitong huli. Malugod na binati ng Almiranteng Amerikano ang heneral, dahil sa pananagumpay ng mga manghihimagsik. Pagkatapos ay iniutos ni Almirante Dewey ang pagbababa sa katihan mula sa kanilang sasakyang-dagat ng dalawang libong baril na binili ng salaping nagmula sa komite ng mga manghihimagsik sa Hongkong, sa pamamagitan ng tanggapan ni Konsul Wildman.

Ang mga sandatang yaon ay malaki ang naitulong sa panig ng mga Pilipino. Hindi nagtagal at ang mga lalawigan ng Laguna, Batangas, Bulakan, Pampangga at ang mga purok na nakapaligid sa Intramuros ay nangahulog na lahat sa kamay ng mga manghihimagsik. Nagalak si Heneral Aguinaldo nang matanggap niya ang magandang balita.

Mula sa kanyang tahanan sa Kawit ay itinaas sa tagdan, sa kauna-unahang pagkakataon, ang watawat ng bayang Pilipinas na ginawa pa sa Hongkong. Ang pagtataas na iyon sa tagdan ng bandila ay siyang hudyat sa nalalapit na pagpapahayag ng ating kalayaan at pagsasarili. Nging lubos ang kasiyahan ng bawa't Pilipino nang araw na iyon. Mula sa Kawit ay muling itinaas ang ating bandila sa mataas na tore ng simbahan ng Bacoor, Kakite, at mula roon ay tinaglay ito ng mga manghihimagsik sa parang ng labanan.


Isang linggo, bago sumapit ang ika-12 ng Hunyo, ay muling nagpakalat ng pasabi si Heneral Aguinaldo sa kanyang matataas na pinuno. Sa mga pabandong yaon ay kanyang itinakda ang tiyak na araw ng pagpapahayag ng ating kasarinlan, yaman din lamang sumapit na sa wakas ang kalupitan ng mga Kastila.

Ang proklamasyon ay inihanda ni Ambrosio Rianzares Bautista at pinalagdaan sa matataas na pinuno ng bayan. Nagpasabi rin si Heneral Aguinaldo kay Almirante George Dewey upang dumalo at maging panauhing-pandangal sa dakilang pagdiriwang na iyon ng bayang Pilipinas. Nanawagan din si Aguinaldo sa kanyang mga matataas na pinuno upang dumalo at makihati sa pagdiriwang.

Nang dumating ang dakilang araw ng pagpapahayag ng ating kalayaan ay gayon na lamang ang kasiyahang naghahari sa buong bayan ng Kawit. Ang bawa't tahanan ay napapalamutihan ng bandilang Pilipino. Madaling-araw pa lamang nang araw na iyon ay pangkat-pangkat nang nagsidating sa Kawit ang magigiting na anak ng bayan.

SUNDAN SA KASUNOD NA PAHINA

PANGANGASIM NG SIKMURA?

MAGKAMIT NG
TUNAY NA DAGLIANG LUNAS
SA PAMAMAGITAN NG MGA TABLETANG
PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
MASARAP ANG LASA ANIMO'Y KENDY


Each tablet contains Magnesium Hydroxide

## 59 Na Taon Na Ngayon...

Ang tahanan ni Heneral Emilio Aguinaldo ay napuno ng matataas na pinunong Amerikano, kabilang ang kinatawan ni Almirante Dewey na hindi nakadalo dahil sa isang malaking kadahilanan.

Mula sa balkonahe ng tahanan ni Aguinaldo ay magagarang nakatayo ang mga panauhing siyang sasaksi sa pinakamahalagang sandali sa kasaysayan ng Pilipinas. Bago napasimulan ang paluntuntunan ay dumating sa Kawit si Apolinario Mabini mula sa Bay, Laguna upang makipagdiwang at tuloy ihandog ang kanyang tulong bilang pansariling kasangguni ni Heneral Aguinaldo.

Ganap na ikasampu ng umaga nang simulan ang dakilang palatuntunan. Sa kauna-unahang pagkakataon ay noon ipinarinig ni Julian Felipe ang kanyang kathang tugtugin, ang Pambansang Martsa ng Pilipinas, na may ilang panahon ding pinagsumikapan niyang gawin.

Pagkatapos tugtugin ang Pambansang Tugtugin ay saka nagsalita si Heneral Emilio Aguinaldo. Nagpasalamat siya sa mga mamamayan dahil sa mga tulong na ipinagkaloob sa ikapagtatagumpay ng ating kalayaan. Ipinahayag niya mula sa balkonahe ng kanyang tahanan ang kasarinlan na malaon nang pinagbuwisan ng buhay ng mga naunang bayani ng ating lahi.

Sa mataginting na tinig ay sinabi pa ni Aguinaldo na kailangang ingatan at igalang ang ating kalayaan, sapagka't iyon ay sagrado. Sinasagisag ng kalayaang ito ang maraming buhay na nasawi sa iba't ibang larangan ng digmaan.

Matapos makapagsalita at maipahayag ni Heneral Emilio Aguinaldo ang ating kalayaan ay gayon na lamang ang kagalakan ng lahat. Ang pagpapasinaya sa kasarinlang iyon ay ginawa sa simbahan ng Barasoain sa Malulos, at si Heneral Emilio Aguinaldo ay siyang naging unang Presidente ng ating Republika.

Ngayon ay nalalapit na naman ang kaarawan ng dakilang pagkakataong iyon sa ating kasaysayan. At upang higit na maging mahalaga ang gagawin nating pagdiriwang ay nararapat na kasamang gunitain natin ang mga bayaning nagsipagbuwis ng buhay sa pagtatangol ng ating karapatan, gayundin ang lahat nang namuhunan ng pagpapakasakit sa ikapagtatamo natin ng kalayaan!




Sa pook na ito sa Kalapan, Imus, Kabite unang iwinagaywag ang bandilang Pilipino noong ika-28 ng Mayo, 1898 bilang tanda ng muling pakikidigma ng mga kawal-Pilipino laban sa mga Kastila. Makikita ang makasaysayang panandа, samantalang pinagmamasdan nina Hen. Emilio Aguinaldo at ng naging Gobernador Dominador Camerino ng Kabite.

SUNDAN SA KASUNOD NA PAHINA

—o—

## Mga Sulat...

*(Buhat sa pah. 2)*

ng magandang halimbawa, laluna sa mga kabataan.

Ipagpatuloy ninyo ang ganyang mga lathala upang makatulong man lamang sa paghubog sa ating mga kabataang karamihan ay "naliligaw sa landas". — *Josefa Reyes, Hagunoy, Bulakan.*

Kung hindi ho kami nagkakamali ay si G. Manuel P. Manahan ang unang publisista ng "BAGONG BUHAY." Nguni't nagtataka kami kung bakit bihira kayong maglathala ng mga balita o ano mang bagay na nauukol sa kanya. Mabuti pa ang ibang mga kandidatong kalaban niya at malimit naming mabasa sa inyong pahayagan. Nguni't ang kay G. Manahan ay bihira.

Maaari bang maglathala kayo ng mga "nagawa" at "gagawin pa" ni G. Manahan sa paglilingkod sa bayan? Isa niya akong tagahanga at naniniwala akong ang katulad ni G. Manahan ay karapat-dapat itampok dahil sa kanyang katapatan sa paglilingkod sa bayan na pinatunayan niya nang siya'y Komisyonado ng Aduwana. —*Demetrio Erolas, Binundok.*

**Kaisa rin ho ninyo kami ng paniniwala, G. Erolas. Nguni't si G. Manahan ho ay "amin", at hindi ho namin ugaling "magbuhat ng sariling bangko". Gayunman, pag may mailalathala ho kaming medyo nararapat ilathala tungkol kay G. Manahan, ay gagawin namin. —ED.**

Mainam ang mga bagong ninyong pitak, laluna ang tungkol sa madyik ni Ba Aryo. Kapanapanabik basahin ang pitak na ito, laluna sa aming mga nagnanais maglibang.


Sino po ba si Ba Aryo?

*(Sundan sa pah. 31)*


Gumamit ng

Optimus

KEROSENE AIR PRESSURE LAMP




Ukol sa maaasahan at matagal na paglilingkod

*Tanging Kinatawán*

F. E. ZUELLIG. INC.

Manila Cebu


### Ang Pabalat...

Si Emma Alegre ay kilala na ng marami. Isa siyang tanyag na bituin ng LVN na lubhang maraming tagahanga. Ilan sa mga pelikulang nilabasan niya ang nagtamo ng karangalan, na dito'y di maikakailang nakatulong nang malaki ang mahusay niyang pagkakaganap.

Kapag walang gawain sa estudyo, masarap para kay Emma ang manatili sa bahay... magbasa at matulog. Kung minsan naman, nakakatuwaan niyang mamasyal sa mahahanging pook upang doon magpalipas ng kasiyasiyang mga sandali.

Ang larawan sa aming pabalat ay kuha nang magpiknik sila sa isang bukirin na kasama ng kanyang mga kaibigan. Kung sino ang nginingitian ni Emma ay siyang hindi natin malaman. Maaaring... ehem!

*Sa araw-araw ay napakaraming suki ang pinaglilingkuran ng "shop" ni Lita. Gaya ng makikita sa larawan, siya ang personal na nag-aayos sa bituing si Lani Oteyza.*



SA isang "beauty shop" o tahanan ng pagpapaganda sa daang España, malapit sa Lerma at Morayta, ay hindi mabilang na mga babae ang naglulumabas-pumasok sa buong maghapon. Ito'y isang maliwanag na tanda na ang pook na ito ay maunlad at maraming suki. At kalimitan pa, ang mga nagsisipagsadya rito ay mga babaing kilala sa pagiging pihikan sa ngalang pag-aayos, na ang karamihan ay mga bituin sa puting-tabing.

Ang tahanan sa pagpapagandang tinutukoy namin ay ang pinangangasiwaan at pinamumuhunanan ni Lita Rio, ang kilalang bituin sa pelikula na hangga ngayon ay marami pa ring tagahanga.

Tutoong maraming nagtatanong kung bakit ayaw nang lumabas sa pelikula si Lita. Hindi naman masasabing kinupasan na siya pagka't ang katotohanan ay higit na maganda siya ngayon kaysa noong siya'y lumalabas pa sa pelikula. Bukod diyan ay hindi siya tinitigilan ng mga kompanya sa pelikula na alukin ng papel ng pagiging bituin. Nguni't ayaw nang talaga si Lita na humarap pa sa gumigiling na kamera. Higit niyang kinasisiyahan ang kanyang gawain sa kasalukuyan — ang pamamalakad ng kanyang "beauty shop" na pinaggugulan niya ng malaking puhunan upang maidulot sa kanyang mga suki ang lalong mahusay na paglilingkod

Oo nga't si Lita ay naging bituin sa pelikula, subali't sa kanyang pag-uugali ay masasabi nating

# WALANG HINDI MATUTUPAD...

***Pakikipanayam kay Lita Rio ni Maria S. Tonsay***



*Larawan ni Lita Rio nang magkamit siya ng karangalan sa timpalak na itinaguyod ng isang pahayagang pang-umaga noong 1951. Ito rin ang ginamit na pabalat ng isang mabiling babasahin sa Estados Unidos.*

nakalalamang pa rin ang kanyang pagiging makaluma kaysa makabago. At bilang katunayan nito ay minabuti na niyang mamalagi sa lilim ng isang bubong kaysa mamalagi pa sa labas, gaya na nga ng hinihingi ng gawain ng isang artista. At ito ang unang dahilan kung bakit hindi na lumalabas ngayon sa pelikula si Lita Rio. —Para sa isang babae, aniya, —ay lalong bagay ang nasa loob ng tahanan at hindi ang pagala-gala."

Marami ang ibig makaalam kung taga-Maynila nga si Lita. Nguni't ang tutoo ay buhat siya sa isang kilalang angkan sa Mindoro. Lumipat lamang sila sa Maynila pagkaraan ng digmaan at ngayon ay naninirahan sila sa Siyudad Quezon.

Si Lita Rio ay unang napatanyag nang pasukin niya ang larangan ng pinilakang-tabing. Noong una ay naging mahirap para sa kanya ang larangang ito pagka't tutol ang kanyang mga matatanda. Nguni't buo na sa isip ni Lita na siya'y pumagitna sa larangan upang "makilala" balang araw, kaya't ginawa niya ang paraan upang maging katotohanan ang kanyang hangarin.

Tutol ang kanyang mga matatanda sa balak na ito, namayani rin ang kanyang gusto kaya't sa tuwing siya'y tutungo sa estudyo o kaya'y lalabas ng bahay ay laging may kasama siya. Minsan siyang nabigyan ng mahalagang papel sa bakuran ng Sampaguita Pictures at dito siya napag-ukulan ng pansin ng yumaong Hukom Jose Vera hanggang sa siya ay bigyan ng papel ng pangalawang bituin sa ilang pelikula.

Naging ganap na bituin si Lita at napatunayan ang kanyang kanusayan sa pagganap nang lumabas siyang bituin sa "Lagrimas" na lubhang madula ang ginampanan niyang papel.

At hindi lamang ito ang narating ni Lita Rio sa kanyang pananagumpay. Sa pagsisikap ng isang kaibigan ay napalahok siya sa isang malaking timpalak na itinaguyod ng isang pahayagan, bagama't siya, sa kanyang sarili, ay ayaw. Nguni't naging mapalad si Lita sa timpalak na ito at bilang gantimpala niya ay naglibot siya sa daigdig. Ito ay noong 1952.

Sa paglilibot na ito ni Lita ay narating niya ang Amerika, Europa, Asya at iba pang mga bansa. Sa bawa't bansang narating niya ay ipinakilala ni Lita ang kanyang bayan sa mga taong di nakaaalam na may roong Pilipinas sa Dulong Silangan. Pinatutunayan sa mga rekord na labis siyang hinangaan sa mga narating niyang bansa. Isang magasin ng mga mangangalakal na may pamagat na "ALERT" ang gumamit ng kanyang larawan bilang pabalat at inilathala pa ang kanyang kasaysayan. Bilang isang artista, nilibot din niya ang Hollywood. Dito ay nakadaupang-palad niya ang halos lahat ng mga kinikilalang bituin sa pinakamaunlad na siyudad ng pelikula sa buong daigdig. Naging kaibigang matalik niya sina Bob Hope, Poan Fontaine, Joan Crowford, Jane Wyman at kung sino-sino pa.

Nang dumating siya sa Paris na siyang sentro ng moda sa daigdig ay dito nabuo sa kanyang sarili

(*Sundan sa pah. 29*)

*ni CARLOS C. MARCELO*

# AT ALAALA

Sumasahod ng ₱135 lamang isang buwan bilang tagapaglinis sa isa sa matataas na paaralan ng AU sa Maynila, si Gabriel ay unti-unting nag-impok sa loob ng maraming taon. Ang ₱500 ay inihandog niya sa AU para sa proyektong pambayan sa hangad makatulong sa pagtataguyod ng makataong simulain ni RM — pag-ibig sa mga dukha.

Si Gabriel, kasama ang kanyang anak na lalaking may 16 na taong gulang, ay nagtungo sa Malakanyang noong umaga ng Marso 14, 1954. Nais niyang makita at makamayan ang "Kampeon ng Mahihirap". Sa kanya, ang ilang saglit na makapiling si RM ay isang natatanging karanasan.

Dinatnan ng mag-amang Gabriel sa bakuran ng Malakanyang ang maraming taong katulad nila'y ibig makipagkita kay RM. Naroon, sama-samang naghihintay ang mayaman at mahirap, ang marunong at mangmang, ang matanda at bata.

Nguni't hindi nabigo si Gabriel. Nang manaog si RM ay kabilang siya sa pulutong na binati at kinamayan niyon.

Itinanong ni RM kung ano ang kailangan ni Gabriel.

"Isang may lagdang larawan ninyo, Presidente," ani Gabriel.

At dali-daling inutusan ni RM ang kanyang ayudante na kumuha ng larawan niya sa palasyo. Nilagdaan niya sa likod ang larawan at ibinigay kay Gabriel.

"Hindi ko malilimot ang umagang iyon," sabi ni Gabriel. "Nakikini-kinita ko pa nang lagdaan niya ang larawan sa ibabaw ng tapalodo ng kanyang awto."


Minsan pang pinatunayan ni RM ang kanyang patakaran na hindi siya tatanggap ng handog samantalang na sa pamahalaan noong ika-47 kaarawan niya — Agosto 31, 1954. Ang mga handog na padala ng mga pulitiko at mangangalakal ay ibinigay niya sa mga samahan sa kawanggawa at sa **Liberty Wells.**

Ang **Liberty Wells**, kilusan sa pangingilak ng abuloy ukol sa pagpapatayo ng mga posoartesyano, ay nagtamo ng kabuuang halagang ₱363,372.

Sa kahilingan ni RM na ang mga handog na nakalaan sa kanya'y ipagkaloob sa mga dukha, masiglang umabuloy sa **Liberty Wells** ang mga samahang sibiko at litaw na mga mamamayan.

Subali, minahalaga ni RM ang lahat ng bati at alaala ng mga **karaniwang tao**, lalo na yaong buhat sa mga lalawigan. Marahil, sapagka't batid niyang mataos ang pagbibigay niyon — hindi bunsod ng maimbot na layuning makalugdan upang magkamit ng kalinga balang-araw.

At noong Agosto 31, 1954 ay hindi nasaksihan sa Malakanyang ang nakaugaliang pagdiriwang sa kaarawan ng naunang mga puno ng bansa. Walang masaganang salu-salo roon... walang sayawan ng matataas na pinuno ng pamahalaan... walang nagtitimpalakang palamuti at ilaw-dagitab



Noong nagkakahidwaan ang naging Kalihim Oscar Castelo ng Katarungan at si Alkalde Lacson, si RM na kandidato pa noon sa panguluhan ay dumalaw sa tahanan ng puno ng lunsod at nakipanayam. Makikitang inihahandog ni Alkalde Lacson ang kanyang pag-alakbay sa pagpanaog si RM.




Itinuturo ng pansamantalang Kalihim Raul Manglapuz sa pamamagitan ng mapa kung saang mga purok lalong "malakas" si RM, kandidato pa noon sa pagka-Pangulo, samantalang nakamasid ang ilang tagapagtaguyod. Si Manglapuz ay naging pambansang tagapag-ugnay ng Magsaysay for President Movement.


**Maging matalino sa katipiran at kaligtasan —**

**WHEN IT'S TIME TO RECAP INSIST ON**

**Firestone NEW TREADS**

**MURA SA KALAHATI NG HALAGA NG BAGO**




1. Dobleng Gamit Sa Lansangan Man o Hindi
2. 48-68% Lalim Ng Hibla Para Sa Higit Na Milyahe
3. Matibay, Matigas Na Mga "Traction Bars" Para Sa Karagdagang Takbo
4. Walang Dugtong Na Mga Panggitnang Sangkap Para Sa Matagal Na Gamit

ITO'Y KAALAMAN NG FIRESTONE SA MAY-URING PAGGAWA AT PAGLILINGKOD SA 50 TAON

*Magsadya sa inyong bilihan o pakumpunihan ng goma at igiit ang*

FIRESTONE NEW TREADS

*Inyong Kaligtasan ang Aming Layunin sa Firestone*

**Firestone TIRE & RUBBER CO. OF THE PHILIPPINES**

**MGA PLANTA NG PAGRI-RETREAD AT PAGKUKUMPUNI:**

**DAVAO • MAYNILA • CEBU**

MAKINIG SA "VOICE OF FIRESTONE" TUWING LUNES 8:30 -- 9:00 N. G. SA DZRH

MABUTING DAAN AY MABUTING BUHAY

# MGA PAGKAIN NATIN...



## "Fruit Salad" (Padala ni Glo Morales ng Maynila)

**Mga sangkap:**

4 na saging na lakatan
3 sunkist o kahel
2 langkay ng parsley
1 maliit na melon
2 kalamansi
24 na strawberry (maaaring wala nito)


**Paraan ng pagluluto:**

Hiwain nang paputol ang dalawang kahel at ang isa naman ay paayon sa liha o pahaba. Hiwa-hiwain din nang paputol ang mga saging at pagkahiwa'y ibabad agad ang saging sa tubig na pinigaan ng katas ng kalamansi upang maiwasan ang pamumula. Biyakin ang melon. Gumamit ng "scooper" upang maging bilug-bilog ang anyo ng melon na tulad ng nakalarawan. Kung walang "scooper" ay maaaring gawing kudra-kudardo ang hugis. Hugasan ang strawberry. Iayos ang lahat ng bungangkahoy sa isang pinggan o bandehado. Ilagay sa palamigan o sa refrigerator.

**SALSA**

½ tasang arina
½ tasang asukal
3 pula ng itlog ng manok
¾ tasang gatas
½ tasang tubig

Paghaluin ang arina at ang asukal. Unti-unting isama ang pinaghalong gatas at tubig. Haluing mabuti upang maiwasan ang pagbubuu-buo. Isalang sa katamtamang apoy ang pinagsamang mga sangkap, ipagpatuloy ang paghalo at hanguin kung malapot na. Hintaying lumamig nang kaunti at pagkaraa'y isama ang tatlong pula ng itlog. Ipagpatuloy ang paghalo upang hindi mamuo ang pula ng itlog. Ilagay sa palamigan o sa refrigerator. Dapat tandaan na ang salsa ay hindi ibinubuhos sa mga nakahanay na bungangkahoy. Sa halip ay ginagawa lamang na sawsawan o sa bawa't pagkain ng isang piraso ay saka lamang sinasamahan ng salsa.



## "Green Salad" (Padala ni Aurora Jeciel)

**Mga sangkap:**

½ gulaman
1 tasang tubig
¼ kilong abitsuwelas
2 latang gisantes (pinakamaliit)
2 langkay ng seleri
1 carrot maliit)
1 pipino (katamtamang laki)

**Paraan ng pagluluto:**

Ilaga ang abitsuwelas at ang carrot. Palamigin. Pagkatapos ay hiwa-hiwain nang maliliit na kudrado ang carrot at ang abitsuwelas ay sa tatlong putol naman. Hatiin sa dalawang bahagi ang pipino. Ang kalahati ay hiwa-hiwain nang maliliit na kudrado at ang kalahati ay hiwain naman nang maninipis na paputol.

Samantala ay kulayan ng luntian ang gulaman. Ilagay sa isang sisidlang katamtaman ang bilog ang carrot, pipinong hiniwa nang maliliit, kalahating lata ng gisantes at ilang abitsuwelas, at saka salinan ng pinakulong gulaman. Itabi hanggang sa tumigas ang gulaman.

Iayos ng tulad ng nakalarawan ang mga gulay na natitira at ilagay sa gitna ang hinulmang gulaman.

**SALSA**

½ tasang suka
⅓ tasang tubig
¼ Wesson oil o kaya'y Mayon cooking oil
2 kutsarang asukal
kaunting asin at paminta

Pagsama-samahin ang lahat ng mga sangkap na nakatala at kapag tama na ang lasa ay ibuhos sa mga nakahanay na gulay.

# ...mga guhitang damit



TAG-INIT o tag-ulan, ang mga guhitang damit ay maaaring isuot. Hindi lubhang mahirap ang pag-iisip tungkol sa tabas ng mga ito, lalong payak o simple ay lalong mabuti. Ilan sa mga tabas para sa guhitang tela ay ang mga nangakalarawan.








Ang blusang nasa dulong itaas ay maganda at madaling parisan. May kuwelyo at manggas na "tailored" at ang palda naman ay "pencil cut" na tinampukan ng dalawang malaking butones sa baywang. Ang nasa itaas ay isang tabas na nakapagpapaliit ng katawan dahil sa pagkakahalang ng mga guhit. Ang nasa kanan naman ay ang may kalaparang mga guhit na tinahi nang pahalang, walang manggas at bilog ang leeg. Ang ganitong tabas ay bagay na bagay para sa mga pumapasok sa upisina, maginhawa at masarap sa katawan.



MAMILI na kayo sa mga nakikitang magagandang huwaran ng mga tabas na pantag-init para sa inyong mga anak, kapatid o pamangkin.




# Panlaro ng mga bata . . .



Ang lahat ng mga bata ay nagnanais na magsuot ng magiginhawa at maninipis na panlarong mga damit. Sa kanilang paggalaw at pagkilus-kilos ay kailangang maging malaya ang kanilang mga katawan, at sa gayon ay maiiwasan ang labis na pamamawis.





*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# Istudyante: "Gusto Ko Ng Pasukan, Nguni't Ayaw Ko Pang Pumasok"

NAGSIMULANG magtipon ng mga gagamitin sa pasukan si Dayunyor. Pilit na pilit ang kanyang pagkilos. Bagama't handa siya nang handa, nais niyang kung maaari'y huwag munang lumakad ang mga araw. Kung maaari'y huwag munang umalis ang trangkaso para patagalin ang araw ng pagpasok. Kung maaari'y maysakit pang lahat ang kanyang magiging titser. Kung maaari'y umulan nang matagal, bumagyo, bumaha—nang sa gayo'y isara ang mga paaralan.

Nguni't may narinig sa radyo ni Dayunyor: **Que sera, sera.** Nasiyahan sana siya; subali't nagunita rin niyang kahit na ano ang mangyari, talagang darating ang pasukan... ang pasukan... ang pasukan:

T. Ano ang iniaayaw mo sa pasukan?

S. **Sa ayaw ba. Gusto ko lamang mas mahaba pa ang bakasyon.**

T. Hindi ka pa ba nagsawa sa iyong bakasyon?

S. **Naku, kulang ang dalawang buwan.**

T. Bakit?

S. **Kalahati lang niyan, naubos ko na sa kama dahil sa trangkaso, e.**

T. Di mahaba pa rin ang napagpasasaan mo?

S. **Hindi rin e. Ni hindi pa ako nananalo sa holen; hindi pa ako nananalo sa binggo; hindi ko pa naibabawi ang bukol ko sa ulo.**

T. Kung ganoon, talagang ayaw mo pang pumasok?

S. **Hindi sa talagang ayaw. Gusto ko lamang makapaghanda pa nang kaunti.**

T. Ano ang paghahandaan mo?

S. **Di ang giyera sa iskuwela. Haiskul na ako baka akala mo. Kailangan ay lagi na akong makasasagot. Hindi gaya nang maliit pa ako.**

T. Anu-ano naman ang ihahanda mo?

S. **Unang-una ang aking ulo. Ipahahasa ko para tumalas-talas. Baka hindi pa sapat 'yung pag-aaral ko habang nagbabakasyon ako e.**

T. Nag-aaral ka habang bakasyon?

S. **Wala kang balita e. Noong bakasyon, nag-aaral din ako paminsan-minsan, pag sinisipag ako.**

T. Bakit, ano ang intesiyon mo?

S. **Para sa pasukan, kaunti na lamang ang pag-aaralan ko.**

T. May natutuhan ka ba naman?

S. **Ang hirap nga, wala akong maintindihan. Mahirap pala ang nag-aaral nang walang kaharap na titser.**

T. Bukod sa ulo mo, ano pa ang ihahanda mo?

S. **Siyempre ang mga kasangkapan kong gagamitin. Ito ang kasalukuyan kong inaayos.**

T. May nabili ka na bang mga kuwaderno?

S. **Wala pa, pero baka bumili ako ng isa. Ang ibang hindi ko masyadong nagamit noon ay puwede pang gamitin uli.**

T. May mga libro ka na?

S. **Wala pa rin, pero manghihiram ako sa mga magiging kaklase ko.**

T. E, ano ang pinag-aabalahan mong ayusin?

S. **Inaayos ko ang mapaglalaruang damahan sa iskuwela, ang mga terno ko, lalagyan ko ng baon, at ang isang kuwaderno.**

T. Ano nga pala ang ikinaaayaw mo sa pasukan agad?

S. **Aba, pag maaga ang pasukan, maaga rin ang pagdating ng problema.**

T. Anong problema?

S. **Ang pag-aaral, ang pagbabasa, ang pagsusulat, ang pagpunta sa library, at ang pag-uwi nang gabi na.**

T. Kung ganoon pala'y nagpupunta ka sa library, ha?

S. **Kasi pag hindi kami nagpunta roon, sasabihin ng titser namin na tamad kami. Ngayon, pag nagpunta kami, wala na siyang masasabi.**

T. Siguro naman, kahit bahagya, may ikinagugusto ka rin sa pasukan?

S. **Maaari bang wala? Gusto ko rin ang pasukan dahil araw-araw may baon akong pera; araw-araw, libre ako sa amin; araw-araw, e, kung minsan pala, nakapapasok ako sa sine nang hindi na magpapaalam.**

T. Kailan mo ba talagang ibig na magsimula ang klase?

S. **Hindi ko matiyak. Parang gusto kong parang ayaw ko.**

T. Paano nagkaganoon?

S. **Nasabi ko na sa iyo kung bakit gusto ko at kung bakit ayoko.**

T. Gusto mo bang mag-aral o hindi?

S. **Siyempre pa, gusto. Pero hindi ko na kasalanan kung pag-aaral ang umaayaw sa akin.**

T. Bakit, inaayawan ka ba ng pag-aaral?

S. **Hindi naman. Kaya lamang e, tila lumalayo sa akin ang hilig.**

T. Ano ang ibig mong sabihin?

S. **Na, sa tuwing bago magpasukan ay binabalak kong mag-aral na mabuti. Sa tuwing mga araw naman ng pasukan, tinatamad na ako.**

T. Ano ngayon ang resolusyon mo?

S. **Tulad din ng dati, mag-aaral akong mabuti sa taong ito.**

T. Sigurado na kayang gagawin mo iyan?

S. **Kung sabagay, may kahirapang isagawa. Nguni't sisikapin kong matupad — kung hindi maghihigpit ang titser ko, kung daragdagan ang baon ko, kung ibibili ako ng maraming baro at kung hindi aalisin ang sine sa tabi ng iskuwelahan namin.**



**Ang Tanawin Sa Kanilang Kapitbahay Ay Nagsilbing Lakas Na Nagtulak Sa Kanya Upang Gibain Na Ang Isang Katotohanan . . .**

# Kaputol na Pangarap



***ni GENOVEVA EDROZA - MATUTE***

SUNUD-SUNOD na langitngit ang sumaliw sa tunog ng tinitipa niyang makinilya. Tumigil siya sa pagtipa. Nagpatuloy ang langitngit at ngayo'y natiyak niyang nanggagaling iyon sa daang katapat ng kanilang durungawan.

Isang karitelang lumang-luma na ang buong paghihirap na hinihila ng isang payat na payat na kabayo.

Ho... ho... o... o...

Natigil ang aagpang-agpang na paghakbang ng payat na kabayo. Lungayngay na ang ulo nito, kahit na nang maibsan ng sakay ang karitela sa masiglang paglundag ng isang lalaki.

Ipinatong niya ang siko sa gilid ng makinilya. Sinalo ng kanang palad ang baba. Pinipigil niya ang bahagyang ngiti na nagpipiglas sa labi.

Sa panahong ito ng **H-bomb** at ng **jet**... isang karitelang magkakahiwa-hiwalay na lamang at isang kabayong aagpang-agpang ang panghakot ng mga taong ito...

Ang hardinero nila'y tumigil sa pagdidilig ng mga halaman. Itinaas ang isang paa sa ikatlong baitang ng hagdanang bato at kakamut-kamot ito habang tumitingala sa kanya. Palipat-lipat ang tingin ng hardinero sa karitela at sa kanya.

Inginuso niya sa hardinero ang karitela. Mabilis iyong tumapat sa durungawan at marahang sinabi sa kanya ang ibig niyang malaman.

Pamangkin daw ho ni **Mr.** Isla, **sir**... galing sa purbinsya.

Noon lamang niya napagukulan ng pansin ang lalaking masiglang lumundag buhat sa karitela. Nasa lima't kalahating talampakan niyon ang sigla ng kabataan. Magagaan at mabibilis ang mga hakbang niyong patungo sa may likod ng nakatigil na karitela. Nakita niyang may dinukwang iyong kung ano sa ibabaw ng bunton. Biglang-bigla, naging mabagal ang kilos ng lalaki. Marahan. Mangat.

Buhat sa durungawan, pinagmasdan niyang mabuti kung ano ang kinuha ng lalaki sa karitela. Isang ubod tanda nang makinilya. Nakapatong sa kaputol na tabla, nguni't walang takip.

Kitang-kita niyang pinaspasan ng alikabok ng lalaki ang makinilya. Hinipan pa nang mga ilang ulit. Hinagud-hagod, pagkatapos ay payakap na dinalang patungo sa malaking pintuan ng mga Isla.

Katulad ng isang kababagong ama sa unang supling ng ipinunla niyang pag-ibig.

Nagbalik ang pagkakapatong ng siko niya sa gilid ng makinilya at ang pagkakapatong sa kanang palad ng baba. Ang mga ilang titik ng makinilya sa puting mukha ng papel ay inanod ng sunud-sunod na alon ng mga alaala.

...katulad ng isang kababagong ama... ng isang kababagong ama... Ano ang nalalaman niya tungkol sa isang kababagong ama?

Saglit kang nakadaramang ikaw ay isang munting diyos, ang sabi ng naging kababata niyang si Iding.

Matatakot ka muna. Kakaibang uri ng pangamba, nguni't pagkatapos ay para kang itataas ng kung ano sa alapaap, doon sa kinaroroonan ng mga bituin, ani Cirio, ang mapangarapin.

Kaganapan, ang sabi ni Maning.

Paano niya mauunawaan ang kanilang mga sinasabi? Ang sampung taon ng paghihintay, pag-asa, pagkabigo, pag-asang muli, paghihintay muli, pagkabigo, ay nagpapangimay, nagpapalabo sa isang pangarap.

Ang tanging malinaw ngayon, ang hindi napalabo ng sampung taon ng pangangarap, ay si Ched. Si Ched at ang kanyang mga kinakatawan: ang maharlikang tahanang ito, ang dalawang awto sa garahe, ang harding alagang-alaga...

...ang hardin... Naging munti't kiming bahagi nga pala ng kanyang pangarap noong araw ang damuhan sa isang sulok ng hardin. Damuhang hindi alaga... damuhang tinutubuan ng karaniwang damo, hindi ng mamahali't talusaling na mga damo... ano nga ba ang tawag sa mga iyon ni Ched... **Bermuda?** Doon sila maghahabulan ng kanyang unang supling... magtatapak sa paghahabulan... doon sila lulupasay, maggugulungan. At sa isa pang sulok, ang duyang yari sa kahoy na siya ang nagputol at nagkatam. Tatalian niya ng matibay na lubid na sa bawa't pag-ugoy ng kanyang anak ay makakarinig ito ng e... e... ek..., e... e... ek... Gaya ng duyang ginawa ni Tatang noong araw para sa akin.

Matinis ang halakhak ni Ched. Bakit ganoon pa? Pabayaan mo't ako ang bahala. Ang pinakamabuti lamang at ang pinakamahal — para sa ating magiging anak. Nguni't ... hindi pa ngayon...

Hindi pa ngayon... labis-labis ang panahon...

At sa halip ng damuhang tinutubuan ng karaniwang damo, at ng duyang yari sa kahoy at natatalian ng matibay na lubid na sa bawa't pag-ugoy ay .. Narito ngayon si Ched, isa sa pangunahing babae sa lipunan, ang maharlikang tahanang ito, ang dalawang awto sa garahe, ang harding alagang-alaga.

At ang kanyang makinilyang sa bawa't pagtipa'y salapi, katanyagan,... kahungkagan...

Saan naroon ang nagkapira-pirasong bahagi ng isang pangarap na nagpaligaya sa kanya noong kanyang kabataan? Saan kayang mga panulukan ng mga landas ng buhay maaari pang madulang ang mga iyon? At kung matagpuan ma'y maaari pa kayang pag-ugnay-ugnayin upang bumuong muli ng mga ligaya, ng mga pag-asang tatanaw-tanawin?

Biglang nabuksan ang katapat na durungawan ng mga Isla. Ang lalaking masiglang lumundag buhat sa karitela ay sabik na nakangiti sa kanya.

Nakapatong sa isang mesita ang ubod tanda nang makinilya ng bagong dating.

Napako sa makabago niyang makinilya ang paningin ng lalaki.

E... pamangkin ka raw ni **Mr.** Isla...

Opo... inanyayahan po akong magbakasyon dito ng aking amain...

Pabalik-balik sa makabago niyang makinilya ang paningin ng lalaki.

Tumikhim muna siya nang marahan bago nagsalitang muli...

E.. may makinilya ka rin...

Opo... opo... at hinagud-

*(Sundan sa pah. 18)*

# ENRICO CARUSO

***ni MONTANO C. DECENA***



MATAGAL na siyang nakaupong paharap sa hapag na iyon sa loob ng isang taberna sa Napoles, isang maunlad na lunsod sa Italya. Nakatanaw siya sa malayo at waring hindi pansin ang pagkakatuwa ng mga tao sa kanyang paligid. Iisang bagay ang naglalaro sa kanyang isip: ang pagpapatiwakal. Sa paanong paraan? A, kahit sa anong paraan!

Patuloy ang pagkakaingay at pagtatagayan sa kanyang paligid.

—Kay-papalad na mga nilikha. Tila sila walang suliranin sa buhay. Di-di tulad ko ... —at sa panggigipuspos ay mariin niyang nakagat ang labi at iiling-iling na napapikit. At muli niyang nagunita ang mga naganap nang sinundang gabi:

—Hoy, ulol, lumayas ka riyan! Buuu... buuu... buuu...

Siya ang sinisigawang iyon ng mga taong nagkakatipon sa loob ng tanging tanghalan sa Napoles. Nahirang siya, nang gabing iyon, na umawit doon, pagka't maysakit ang tenor na nakatakdnag magpapa magkamayaw ang sigawan ng inip at galit na mga tao. Nguni't nang lumitaw si Enrico buhat sa silid-bihisan ay saglit silang nangatahimik na waring nangabigla. Hindi iyon ang tenor na kanilang inaasahan. Nguni't gayunman ay hindi sila nagsikibo. Nagpakalapat lamang sila sa pagkakaupo. At sinimulan ng simponika ang pagtugtog. Pinalaki pa muna ni Enrico ang kanyang dibdib at huminga nang malalim. Tinitigan niya ang mga tao: tahimik na lahat ang mga iyon at sa kanya nangakatingin. Kung gaano katagal siyang nanatili sa gayong anyo ay hindi na niya nalaman pa. Ang natatandaan lamang niya ay ang kanyang pag-awit, ang pag-ikot ng buong paligid, at ang nang-uuyam na sigawan ng mga taong nagtataboy sa kanya. Sa katapusan ng pagtatanghal na iyon ay natatandaan din niyang buong pagkapuot na pinalayas siya ng tagapamahala.

**—Hoy, lumayas ka riyan! Buuu... buuu... buuu...** —

Ngayon, sa kanyang malungkot na pagkakaupo sa hapag

**Ang Buhay Ng Dakilang Mang-aawit Na Isinasalaysay Dito Ay Lubhang Natatangi Sa Kanyang Panahon**

kutyang nagkakindatan.

Naniningkit ang mga matang natitigan ni Enrico ang kaharap na lumbong may lamang alak, hinawakan iyon at inilapit sa labi. Bahagya pa siyang napapilig nang sumayad sa kanyang labi ang alak na laman niyon.

**—Ngayon na!** —ang bulong niya sa sarili. May kakaibang liwanag na nagsayaw sa kanyang mga mata.

At nang titindig na lamang siya ay isang lalaking humahangos ang biglang pumasok sa tabernang iyon. Pasigaw niyong tinatawag ang kanyang pangalan.

—Enrico, madali ka! Tinatawag ka sa tanghalan! —humihingal pang wika ng lalaki, na isang mensahero ng tanghalan. —A-ayaw nilang pakinggan ang umaawit na tenor doon. Sinisigawan lamang iyon. Ikaw ang gusto nila. Ikaw lamang.

—A-ako? —nanlalaki ang mga matang bulalas ni Enrico na hindi pa rin makapaniwala. —Pero, imposible iyon! Kagabi lang ay... at saka, hindi man lamang nalalaman ng mga tao ang aking pangalan, e!


—Hindi nga, —tugon ng mensahero. —Pero ikaw ang talagang gusto nila. Iyon daw lasenggo. Sino pa 'yon kundi ikaw!

IYON ang pinakadakilang gabi sa kanyang buhay. Nagtagumpay siya sa pag-awit sa teatro ng Napoles. Noon na nagsimula ang kanyang mabilis na pag-akyat sa rurok ng tagumpay.

Nguni't bago niya nakamtan ang tagumpay na iyon ay nagdanas muna siya ng maraming kabiguan at kasawian, at isa lamang doon ang nabanggit sa dakong unahan.

*(Sundan sa pah. 21)*

rinig ng mga awiting italyano. Sa kagustuhan ng tagapamahala na matuloy, kahit papaano, ang pagtatanghal ay napilitan itong ipatawag sa mga mensahero si Enrico, na noon naman ay kasalukuyang nagpapakalango sa isang taberna. Nang malaman ni Enrico ang gayon ay patakbo na siyang sumama sa nagsisikaon kahit siya'y langung-lango. Sa loob ng silid-bihisan ay inayusan siya kapagkaraka, samantalang sa labas ay hindi na iyon, ay para pa niyang naririnig. At may bangis na biglang nalarawan sa kanyang mukha. Nanginginig ang lamang nakuyom niya ang dalawang palad at buong lakas na idinagok ang mga iyon sa lamesa. Napapamulagat na nangapalingon ang mga taong nangakaupong malapit lamang sa kanya. Saglit lamang naman ang pagkakapalingong iyon, pagka't pagkatapos ay mabilis ding nagsibaling sa kani-kanilang kaharap at pa-



Kaliwa: Nang maanyayahan ng pamahalaan ng Inglatera ang ilang mamamahayag na Pilipino kaugnay ng paghahanda sa pagsasarili ng Malaya. Buhat sa kaliwa, pakanan: Juan V. Saez, J. V. Cruz, Nestor Mata at ang yumaong Pablo N. Bautista.

Ibaba: Isang larawan ni Pabling na pinakaiingatan ng kanyang mga magulang. Kuha ito nang siya'y magtapos ng B.S.E. sa Unibersidad ng Santo Tomas.



# DALAWANG TALAMBUHAY

***Sinulat ni CRESENCIO GER. CLEMENTE***

(Ikatlong Labas)

DI TULAD ng mga pangkaraniwang nilikha, si Pabling, sa kanyang mga pagaalinlangan, ay nagtangkang makahulagpos... nagsikap makatakas. Ang isa sa kanyang mga pinag-aalinlanganan na inihahayag ng kanyang tanong na: "Saan naroon ang Diyos nang hindi pa Niya nalalalang ang santinakpan?" ay sinikap niyang maihanap ng kalutasan. At masasapantahang nasagot na ang tanong niyang iyon sa pamamagitan na rin ng sariling pagpupunyagi. Katunaya'y malaon na ring hindi naririnig sa kanya ang gayong tanong. Ang paraan: bumili siya ng Banal na Kasulatan. At hangga ngayo'y nasa kanyang aklatan ang banal na aklat na iyon — **Biblia.**

Si Bb. Nicasio man ay nakahiwatig din sa kahina-hinalang kilos ni Pabling tungkol sa pananampalataya. At siya man ay nakatiyak na nagsisikap din si Pabling na makaigpaw sa balakid na kinakaharap nito ukol sa pananalig.

Isang araw ay may magandang balak na sumilid sa isip ni Bb. Nicasio. Bumili siya ng isang aklat ni Fulton Oursler, ang tanyag na mayakda ng **The Greatest Story Ever Told.** May pamagat na **Why I Know There Is a God?** ang aklat na kanyang binili. Kung isasalin sa Wikang Pilipino ang pamagat, humigitkumulang ay **Bakit Ko Nalalamang May Isang Diyos?** Nang muling magtungo sa kanila si Pabling, ang una niyang isinalubong ay ang nasabing aklat. Nangiti si Pabling nang mabasa ang pamagat. Nahulaan nito ang kanyang pagmamalasakit. Subali't sa malabis na pagtataka ni Bb. Nicasio ay tinanggihan ni Pabling ang aklat.

—Iyo na, baka kailangan mo rin iyan sa pagtuturo mo, —lipos ng pagkaunawang tanggi ni Pabling.

—Bakit! masama bang basahin ang sinasabi rito?

Nagtawa si Pabling: —Mayroon na akô niyan. At nabasa ko na, **from cover to cover.**

Subali't sa kabila ng ganyang puspusan niyang pagsisikap na magtagumpay sa kawalang-pananampalataya ay ang pag-aalinlangan pa rin ang nakapanaig... pag-aalinlangang siyang napasa kaisipan ni Marina sa ikapitong kabanata ng nakamatayan niyang nobelang **O, Sintang Lupa.** Anang dalaga kay Padre Matias: "Hindi po ba parusa ang sabay-sabay na mawalan ng kapatid, ama at ina? Iyan, Padre, ang lumilito sa akin sapul pa nang ako'y dumating. (Galing si Marina sa Amerika.) Sinisikap kong humanap ng kaliwanagan. Ang mga paliwanag ni Ingkong ay hindi makapagpatiwasay sa akin. **Sinisikap kong pumasok sa simbahan upang doon ko hanapin ang nawalang katiwasayan ng loob nguni't hindi ko matagpuan.** Hindi ko maiwaksi sa aking kalooban na ako'y pinagmalupitan ng tadhana."

May dahilan ang makupad na pagbabagong-anyo ng kanyang kaluluwa hinggil sa pananalig. May tanging dahilan —ang masidhing diwa ng nasyonalismong talamak sa kanyang katauhan. Iyan ay ipinahihiwatig ng isang bahagi sa unang labas ng kanyang sinulat na "Idolo Ng Bayan". Ang kanyang turing nang ipinipintas dito ng mga kalaban sa puiitika na ang isa'y sinasabing mangmang ang nasirang Pangulo:

Hindi napakarunong si Andres Bonifacio. Nguni't itak ni Bonifacio ang lumagot sa kalawanging tanikala ng pagkabusabos ng mga Pilipino. Katipunan ni Bonifacio ang dumurog sa **diyus-diyusang putik na kung ilang dantaong umalipin sa mga Pilipino.".**

Gayundin, sa ikawalong kabanata ng nakamatayan niyang nobelang **O, Sintang Lupa** ay binanggit niya ang sumusunod:

"Natatandaan ni Padre Matias ang isang pangyayari nang palitan ng isang bago at batang paring Kastila ang isang kaibigan niya at kapanahong pari sa parokya ng Kabite. Sa kumbento ng nahalinhang pari ay nakapalamuti ang iginuhit na larawan ng tatlong paring Pilipino. **Nang malaman ng paring Kastila kung sinu-sino ang tatlong paring iyon, ang larawan ay ipinaalis.** Iyon ay nabalitaan ng maraming tagaroon. Hindi nila naibigan ang ginawa ng bagong pari. Ipinipilit nilang muling ilagay ang larawan. Upang maiwasan ang isang malaking alingasngas, kinuha na ng mamamahingang pari ang larawan at sinabing sadyang inalis na niya upang ilagay sa kanyang sariling bulwagan. Gayunma'y hindi nakapagpabuti iyon sa pagsasamahan ng mga mamamayan at ng bagong pari."

Iyan, ang diwang iyan ang nasyonalismo, ang dahilan ng diwang laging gumigitaw hindi lamang sa kanyang pangaraw-araw na pamumuhay, kundi maging sa kanyang pagsulat, lalung-lalo na ng nobelang itinuturing niyang hindi para sa panahong ito, kundi para sa mga panahong darating — sa panahon ng salin ng lahing magsisirating. Sáyang at nakamatayan niya ang nobelang iyon... ang **O, Sintang Lupa** na sumasalang sa mara-

(*Sundan sa pah.* 20)

(Ika-5 Labas)

NAPATINGIN si Tinoy kay Rafael at naramdaman ng bata na nagagalit na ang binatang kanyang tagapagkupkop. May takot na nakapamayani sa kanyang dibdib na dating laging pinamamahayan ng takot noong magsimula pa lamang siyang humakbang sa pakikitalad sa daigdig ng kapalaran.

Ang totoo, batid ni Tinoy na pinaglalalangan nga niya ang mabait na binatang hindi niya inaasahang nagbibigay sa kanya ng isang pagkakandiling hindi niya natatandaang naibigay sa kanya ng isang masasabing ibang tao. Ang kabutihang iyan ni Rafael ang kinatatakutan niya ngayon na mawala pa sa kanya.

Maging ang kanyang Lola Senday ay hindi niya kinatasapan ng gayong pagtingin. Naranasan din niya ang siya'y palaging kinagagalitan nito. Pagkatapos pa nga'y isinangla siya kay Mang Tomas. Kaya, maging sa kanyang Lola Senday ay ayaw niyang bumalik na muli. Ibig na niyang manatili siya kay Rafael, kahit na siya maging alila na lamang nito, pagka't ang maging alila man lamang siya ng isang mabuting tao ay magandang kapalaran na para sa kanya.

Sa pook ng mga pangit na bahay na naraanan na nila, ay alam ni Tinoy na naroroon ang munting silid sa isang silong na tinitirahan ng kanyang Lola Senday — nguni't hindi niya maituro iyon upang magbalik na muli sa kanyang Lola Senday. Ang kanyang Lola Senday ay kasamang tinakasan niya nang tumakas siya kay Mang Tomas.

—Bueno, Tinoy, bibigyan kita ng isang pagkakataon, — wika ni Rafael na walang kangiti-ngiti. —Babalik tayong muli sa pinagbuhatan natin sa daang ito. Pag dumating tayo uli sa dulo at hindi mo itinuturo sa akin ang bahay ng iyong Lola Senday, ay talagang pababayaan na kita...

Hindi sumagot si Tinoy. Sa murang isip niya'y hindi niya malaman kung ano ang kanyang ipapasya.

—Ano, Tinoy? —Untag ni Rafael.

—Talaga pong nakalimutan ko na, —tugon ni Tinoy.

—Ang pagsisinungaling kailanman ay hindi ko kinatutuwaan, Tinoy, —pagkayamot ang naghahari sa damdamin ni Rafael. —Ang isang batang tapat ang ibig ko. Talagang nagagalit na ako sa iyo, Tinoy.

At ipinihit na ni Rafael ang kanyang minamanehong kotse. —Bibigyan kita ng pagkakataong ituro mo sa akin ang bahay ng iyong Lola Senday sa pagbabalik nating ito.

Marahang-marahan din ang pagpapalakad ni Rafael. Dikawasa nga'y dumating sila sa pook ng mga bahay na maliliit na nakatayo sa malusak na lupa. Sa sarili'y inisip ni Rafael na maaaring sa pook na iyon naninirahan si Tinoy.

—Sa isang bata, ang ibig kong katangian ay ang paging matapat, —sabi ni Rafael. — Ang isang batang kakikitaan ko ng pagsasabi ng totoo ay hindi ko mapagkakaitan ng ano mang maitutulong. Isinama kita upang makita ko ang iyong lola, pagka't sinabi mo sa aking may lola ka pa. Kung hindi ko makikita ang iyong lola, maghihinala akong nagsisinungaling ka sa akin at ayoko sa bata ng ganyan.

Ang pangungusap na iyan ni Rafael ay parang may natawag sa damdamin ni Tinoy. Tila may lakas ng loob na nagising sa ubod ng dibdib niyang nagkikimkim ng takot sa mga bagay na maagang napapaharap sa kalupitan ng mga pangyayari sa kanyang buhay.

—Do-doon po ang bahay ng lola ko, —pabigla ang pagkakasalita ni Tinoy at itinuro ang isang eskinita na tumutumbok sa daang tinutungo nila.

Nakahinga nang maluwag si Rafael. Naligayahan siya. Napatingin siya kay Tinoy at nginitian niya ang bata.

Itinigil ni Rafael ang auto sa tapat ng isang eskinita. Sa kanto ng eskinitang iyon ay may tindahan ng intsik at doon ay maraming nag-umpok na mga batang kasinlalaki rin ni Tinoy, marurumi at nangakayapak.

(*Sundan sa pah.* 19)




# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

**May Nagaganap Nang Mga Pangyayari Na Tila Magpapatutoo Sa Mga Sinabi Ni Maria Luisa Kay Rafael**

## Ito Ang Istorya...

# "INDAY, IKAW AY NASAAN?..."



UPOS NA ang sigarilyong isinindi ko makahapunan nang magdaan, gaya ng dati, si Sintong Sintu-sinto. (Marami ang nalinaman sa pangalan ni Sinto.) At hinulaan kong hindi matatagalan at sa-daraan naman si Tino. Gayong araw at oras sa gabi kung **pumanhik** at pumormal si Tino kay Inday na aming kapitbahay.

Si Sinto at si Tino ay wala ni gabahid mang pagkakaugnayan. Taga-Sulok si Sinto at taga-Kabilang-ilog naman si Tino. Ni hindi sila nagkakaki-lala. Malimit ko tuloy maitanong sa sarili kung bakit malimit silang magkasabay o magkasunod ng pagdaraan sa aming tapat-bahay.

Humuhuni ng isang himig si Sinto. Malungkot ang tono: "Basang Sisiw". Yaon ang magpapahiwatig sa sinumang nakakarinig ng malungkot niyang buhay. Si Sinto'y naulilang lubos sa gulang na may-isip na siyang sapat upang makaunawa sa kapaitan ng kanyang sinapit nguni't may napakamura pang kalooban upang mabata ang lahat ng yaon. Nahagip ang kanilang bahay ng isang **ligaw na "shelling"** ng mga Amerikanong sa-salta at sinamangpalad ang kanyang ina't ama at ang tatlo niyang kapatid. Nakaligtas siya sapagka't nagkataong nakikipaglaro siya noon sa amin. (Maliliit pa rin kami noon.)

Nang makalampas si Sinto'y minsan ko pang nahitit ang nakapapaso nang sigarilyo ko. Pagkatapos ay ipinitik ko nang malayo. Pinilit kong mapaabot iyon sa gitna ng kalsada. At muntik pa akong mapaigtad sa pagkakaupo nang sa pagtataas ko ng tingin mula sa sumalipadpad na mga alipato ng ipinitik kong upos ay makita kong sa-darating na nga si Tino. Puting-puti si Tino. Kungdi iamang alam kong siya si Tino ay inakala ko na sanang siya'y isang kaluluwang naglalakad sa dilim ng gabi. Mangyari'y kakatwa ang ayos ni Tino kapag nakaputi, laluna na sa dilim. Sa biglang tingin ay ang mga baro lamang niya ang naglalakad.

Hindi ko hiniwalayan ng tingin si Tino bagaman alam ko na ang mga ikikilos niya. Nang mapatapat siya sa tarangkahan nina Inday ay ilang sandaling nagpalinga-linga. Bigla akong napaunat sa pagkakaupo at sumandal sa sandalan ng tumba-tumbang kinauupuan ko nang mapadako sa amin ang paglilinga-linga ni Tino. Umugoy ang tumba-tumba at nakubli ako sa isang nakasarang pohas ng aming bintana.

Nang muli akong sumungaw ay pumapasok na sa tarangkahan nina Inday si Tino. Parang binibilang ang mga hakbang na unti-unting lumapit sa hagdanan. At makailang-sandali pa'y narinig ko na ang tila inaalalayang **Magandang gabi po** niya.

Pinagbuti ko na ang pangangalumbaba sa palababahan ng aming bintana.

Dalawang ulit pa uling tumawag si Tino. Hinihintay kong itawag niya ang pangapat na **magandang gabi po** nang dumungaw ang **mamang** ni Inday. Nakakunot-noong dumunghal at sinino si Tino na napatungo sa may makapanaog nang maramdamang may dumungaw.

—Ikaw man 'yan, Tino? —tanong ng mamang ni Inday.

Bigla nguni't bahagya ko nang narinig ang **opo, misis** ni Tino.

Nawala ang pangungunot-noo ng mamang ni Inday. Pinatuloy si Tino.

Pumapanhik na si Tino nang marinig ko naman ang sinabi ng mamang ni Inday. Malakas Parang sadyang ipinaririnig kay Tino. At naririnig ko tuloy. Gayon nang gayon ang sinasabi kay Inday ng kanyang mamang kapag gayong dumarating si Tino. **Inday, may bisita ka man. Si Tino man.**

Dito ko malimit maisip ang ginagawi ni Inday sa pagpanhik ni Tino. Napupunta sa amin si Inday at kapag nagbida siya ay si Tino ang nadidiyaski. Inis na inis daw siya kay Tino. Kapag dumarating na raw iyon ay nagtutulug-tulugan siya. Nakasusuya din daw ang kanyang mamang. Ginigising daw siya. Pilit daw na pinahaharap siya kay Tino, kay Tinong nakaiinis.

Minsan ay napasagsag si Inday sa amin. Hanap ang aking kapatid. Palibhasa'y talaga namang maaga pa, pupungas-pungas pa ang aking kapatid nang lumabas.

May dala-dala palang **diary** si Inday. Iyon daw ay **diary** ni Tino. Walang iniwan (o iyon na nga) sa tigtretreyntang nabibili sa bangketa. Tuwang-tuwa si Inday na ipinakita iyon sa aking kapatid. Tuwang-tuwa rin ang aking kapatid nang binabasa na iyon.

Pagkatapos na mabasa ang **diary** ay nagkuwentuhan na ang dalawa. Tungkol sa nilalaman ng **diary** at kay Tino ang pinag-usapan ng dalawa. Lumitaw na talagang malaki ang pag-ibig ni Tino kay Inday. Bagay na ikinainis ni Inday hanggang sa maging kainis-inis para sa akin ang kanilang usapan, laluna ang mga sinasabi ni Inday tungkol kay Tino. Iyon at iyon. Inis na inis siya kay Tino. Na, kapag dumarating si Tino ay nagtutulug-tulugan siya o sadya niyang ginugulo ang kanyang buhok at muli niyang inaayos.

At tiyak na ngayon ay naiinis na naman si Inday. Kanina pa nakaupo si Tino sa sala ay hindi pa siya lumalabas. Baka hindi pa nag-aayos man lamang. O kaya naman ay ayos na ang buhok ni Inday nang dumating si Tino at ngayon ay ginugulo uli upang maling ayusin. (Upang mainip si Tino, ang malimit niyang sabihin sa kapatid kong dalaga.)

Sa wakas ay natanawan kong lumabas si Inday. Hindi na nalalayo ang mukha ni Inday sa madalas kong marinig kay Inang: **isang bakol.** Padabog pa nang umupo. Pahablot na kumuha ng isang magasin at nagbasa.

Si Tino'y walang kakilus-kilos sa pagkakaupo. Nakamata lamang siya sa mga ikinikilos ni Inday. Wala sa mukha niya ang pagdaramdam o pagkatigatig sa ginagawi ng dalaga. Parang isang aliping buong katapatang nakabantay sa kanyang panginoon, hindi niya inaalis ang pagkakatingin sa magandang mukha ni Inday, sa ayos ni Inday.

Napag-ukulan ko uli ng pansin ang ayos ni Inday. Sa pagkakatitig sa kanya ni Tino ay parang sinabi niya sa aking titigan ko rin si Inday.

Kaiba sa lahat ng gabi, higit na maayos ngayon si Inday. Kungdi lamang masama ang hugis ng kanyang mukha at hindi siya nagdadabog ay masasabi kong baka nagkakaroon na siya ng pagtingin kay Tino. Kailanman ay hindi siya humarap kay Tino ng gayong kaayos. Parang sisimba si Inday. Gayong kagara ang kanyang bihis kapag siya'y nagsisimba.

Nagtaas ng mukha si Inday nang maluwatang nakatanaw ako sa kanila ni Tino. Sapat na iyon. Kahit hindi ko naririnig ay nahuhulaan kong nagsasalita na si Tino. Bakit kumunot pa ang noo ni Inday. Marahil ay sinasagilahan na naman siya ng pagkayamot.

Patuloy na bumuka-tumikom ang bibig ni Tino. At sa pagkakatanaw ko'y namumungay pa ang kanyang mga mata. Dumidiga, marahil. Hindi naman nagbabago ang masamang hugis ng mukha ni Inday. Nguni't natatanaw ko ring mana-ka-nakang kumikimbot ang kanyang mga labi. Sumasagot din siya sa mga sinasabi ni Tino, naisip ko pa. Sayang, nauulinigan ko ang kanilang mga pagsasalita, hindi ko lamang mawawaan.

Marami na marahil nasasabi si Tino at nangangawit na ako sa pagkakapangalumbaba nang makarinig ako ng sipol mula sa di-kalayuan. May pagkakahawig sa sipol nina Unte, ng buong Botak Gang, ang himig ng sipol. Hindi ko sana pag-uukulan ng pansin ang sipol kungdi lamang nakita kong parang nakapukaw kay Inday. Napalingus-lingos na tila kinakabahan si Inday nang marinig ang sipol.

Nguni't para kay Tino ay walang anuman ang sipol. Patuloy kong nahihiwatigan na nangungusap siya kay Inday.

Muling pumailanlang ang sipol. Lalong natigatig si Inday, ayon sa pagkakakita ko sa kanya. At hindi nagtagal ay nakita kong humingi ng paumanhin si Inday kay Tino. Tumayo si Inday at pumasok sa loob.

Napag-isa si Tino sa sala.

Hindi nagtagal at lumabas na muli si Inday, nguni't hindi umupo sa supang kaharap ng kinauupan ni Tino. Nagtuloy si Inday sa labas. Dinig na dinig ko ang pagpapaalam sa kanyang mamang: **Mamang, may bibilhin man ako sandali. Magbabalik man ako ka'gad.**

At pumanaog si Inday. Nasundan pa siya ng aking tingin habang sa makalabas ng kanilang tarangkahan.

Naaawang natatawa ako sa nangyari kay Tino. Naisip kong iyon ay malinaw na palatandaang wala kahit ano si Inday para sa kanya. Marahil, maliban sa pagkainis nito sa kanya. Ni hindi man lamang napasama si Inday kay Tino sa paglabas niyon nang gabi. Kung sabagay ay malimit namang lumabas si Inday at nagtutungo sa tindahan kahit gayong gabi. Minsan ko nang nakitang ginawa niya ang gayon. Naroon din si Tino. Lumabas si Inday at bumuli ng mani saka nagkukot sa harap ni Tino. Kaya nang sumunod na pagpanhik ni Tino ay nagdala na siya ng ilang balutang mani na hindi naman ginalaw man lamang ni Inday.

NGUNI'T muli na naman akong nakaramdam ng pangangawit sa b a g o n g ayos ng pagkakaupo ko'y hindi pa dumarating si Inday. Kitang-kita ko ang pagkainip sa mukha ni Tino. Napapaalumpihit sa upuan.

—Wala pa man si Inday, Tino? —anang mamang ni Inday nang mapasukang nag-iisa pa si Tino sa sala.

Umiling lamang si Tino at pilit na ngumiti.

Nagmamadaling nanaog ang mamang ni Inday. Nagtungo sa tindahan. At lalong nagkukumahog nang magbalik. Hindi kasama si Inday. Sa isang iglap lamang yata'y nakita ko na sa sala at kaharap na ni Tino.

—Wala man sa tindahan, Tino. Ano man ang sinabi sa imo? Saan man daw siya mag-

(*Sundan sa pah.* 19)

# Mag-MADYIK Tayo

mi BA ARYO

## ANG MAHIWAGANG LAPIS AT SILO

KUMUHA kayo ng isang lapis na binutasan at sinuutan ng isang silo ng pisi. (Tingnan ang larawan A.) Walang sabi-sabi, lumapit kayo sa isa ninyong kaharap, iyong may kamisadentrong de-butones. Bigla ninyong itali ang silo sa suutan ng butones, gaya nang pagkakaayos sa larawang B. Siya'y magtataka pagka't mahirap mapaniwalaang maitatali ang silo sa lapis gayong iyon ay maikli kaysa lapis na kinakakabitan.

Muling magtataka ang inyong kaharap pag sinubok niyang tanggalin ang pagkakatali ng silo. Pagkakataon naman upang kayo ay dumalo. Lumapit kayong muli at tanggalin sa isang kisap-mata ang silo nang hindi ito pinuputol.


Ganito ang inyong gain:

Kung ang silo ay ipapak sa suutan ng butones, ya ng karaniwang gagain ng di nakababatid, ng lapis ay hindi mailusot sa silo. Ito ang dalan kaya naging "mahiaga" ang lapis at ang lo, at kaya maraming ndi makagawa.

Ang sikreto ay ito: malis na tanggalin ang butones sa uhales at ipaligid ang silo sa uhales. Hilahin ang uhales kasama ang telang nakapaligid dito nang pinadadaan sa silo. Sa ganitong paraan ay maisusuot na ang lapis sa kabila o ilalim ng uhales. Ito ang magtatali sa silo tulad ng nasa larawang B.

Para naman alisin ang pagkakatali ng silo, ang kabaligtarang hakbang lamang ang kailangan. Ilabas ninyo sa silo ang uhales at ang tela upang muling humaba ang silo. Unang ilabas ang hulihan ng lapis sa uhales. Ang haba ng silo ay magiging sapat upang mapalabas ang buong haba ng lapis. Ipinakikita sa larawang D ang paraan ng pag-aalis sa lapis.

*(Susunod: Ang Magdarayang Silo)*




## Kaputol Na...

*(Buhat sa pah. 13)*

hagod ng lalaki ang ubod tanda nang nakapatong sa isang mesita.

Akala niya'y gagapang ang pagkapahiya sa tinig ng kausap. Akala niya'y magdadahilan iyon upang pagtakpan ang pagkakadala ng gayong uri ng kasangkapan.

Nguni't wala siyang narinig na gayon. Sa halip, nakita niya ang paghagud-hagod ng lalaki sa ubod tanda nang nakapatong sa mesita, tila paghagud-hagod ng isang kababagong ama sa kanyang unang supling. At sa mga mata niyo'y ang walang hanggang pagmamahal.

Kinabukasan, sumalit sa nag-aagaw-tulog niyang diwa ang kakaibang tunog: dumadagundong, naghihirap, mabigat, at matinis na matinis sa pandinig.

Sa simula, akala niya'y tunog lamang ng pagkatok ng kanilang utusan.

Bakit, alas nuwebe na ba'I ginigising na tayo para magalmusal, ang tanong niya kay Ched.

Aba, hindi pa kumakatok si Maria.

Nagpatuloy ang kakaibang tunog na sinundan niya hanggang sa matunton: nanggagaling sa katapat na bintana ng kanilang aklatan. Nakababa pa ang **blind** ng kanilang aklatan. Hindi niya itinaas iyon. Sa pagitan ng mga panabi niyon ay pinapaglagos niya ang kanyang paningin.

Ang pamangkin ni Mr. Isla ay nasa harap ng ubod tanda nang makinilya.

Tumitipa siya nang sunudsunod at buhat doo'y nanggagaling ang kakaibang tunog: dumadagundong, naghihirap, mabigat, at matinis na matinis sa pandinig.

Kitang-kita niya ang paghihirap ng lalaki sa pagdidiin sa kanyang pagtipa, ang paglalaban ng balikat at bisig sa pagtutulak sa kanan ng **roller** ng makinilya: ubod nang bigat ang makinilyang yaon.

Nguni't ang paningin niya'y napako sa mukha ng lalaki: nasa buong mukha niyon ang anag-ag na liwanag sa pagsapit ng umaga. Ang mga labing nakabuka nang bahagya ay kasabikang sumusunud-sunod sa mga namimigat na titik na unti-unting nasasalin sa kaharap na papel. Ang mga mata niya'y malalalim na balong inaapawan ng pananabik, ng pag-asa, ng paglulunggati, ng mga panagimpang nagkakakatawan...

Hindi niya naitaas ang **blind** nang umagang iyon. Buhat sa pagkakababa niyo'y nanatili siyang nakikinig sa dumadagundong at naghihirap, sa mabigat at matinis na matinis na mga tunog. At nanatili siya sa pagmamasid sa kaluwalhatian sa mukha ng pamangkin ni Mr. Isla.

Alam na niya ang isasagot ni Mr. Isla nang sabihin niya ang ganito kinahapunan: Manunulat yata ang pamangkin mong bagong dating...

Isang ngiti sa isang sulok ng labi ang sumabay sa sagot: Manunulat na... ¡ganoon... mga tula-tula... kuwentu-kuwentong walang makaintindi ... Malayung-malayo sa iyo!

Malayung-malayo sa kanya.

...sabi ko nga ba sa batang iyan... nag-aaksaya lamang siya ng panahon... Ayan, ni ribbon ng makinilya, hirap na hirap na makabili... Malayung-malayo sa iyo!

Malayung-malayo sa kanya.

Tinisud-tisod niya ang mamahaling kabibing nakapaligid sa mamahali't talusaling na mga damo... ano nga ba ang tawag sa mga iyon ni Ched?... **Bermuda?**

Nakaakyat na si Mr. Isla sa kanilang bahay ay tinitisudtisod pa rin niya ang mamahaling kabibi. Ang isa rito'y biglang nawala sa maingat na pagkakahanay. Biglang-bigla, tinisod niya ito nang buong lakas at ito'y napatapon sa gitna ng mamahali't talusaling na mga damo. Napatingin siya agad sa paligid, sa mga durungawan sa itaas... kay Ched, sa kanilang hardinero ... na baka siya nakita sa kanyang ginawa.

At tuwing umaga, buhat sa likod ng nakababang **blind**, ay sinusundan-sundan niya ang mga silahis ng kaluwalhatiang gumuguhit sa mukha ng lalaking buong paghihirap na tumitipa sa ubod tanda nang makinilya.

At kung minsan, kung gabi nang siya'y nagbabasa sa aklatan habang humihitit siya sa isang pipang may ginintuang dulo, nagpapatuloy ang kakaibang ingay na iyon buhat sa katapat na bintana. Nguni't hindi napapansin ni Ched na ang mga dahon ng kanyang binabasa'y halos hindi nabubulat. Paano mauunawaan ni Ched ang paglalakbay ng kanyang gunita, susunud-sunod, hahabul-habol sa mga tunog na iyong kakaiba?

Kasingganda ng pangarap nguni't kasing-ikli, ang mga gunitang iyo'y biglang naputol. Biglang tumahimik buhat sa katapat na bintana. Isang umaga, kumatok na si Maria sa silid nilang mag-asawa, nakapag-agahan na sila, nakapagbihis na si Ched para sa pulong ng kanilang samahan, ay tahimik pa rin buhat sa katapat na bintana. Tumanaw siya buhat sa nakababang **blind** ng aklatan.

Bukas ang katapat na bintana. Nakapatong sa mesita ang ubod tanda nang makinilya. Nguni't walang kakaibang tunog na nagmumula roon.

Itinaas niya ang kanilang **blind**. Tumikhim siya nang marahan. Nanatiling walang

Nguni't hindi rin kasama si Inday. Palibhasa'y sanay na sanay sa gayong bisyo ng anak. Hindi ko man lamang kinahalataan ng pagkabahala ang mamang ni Inday. May pagkapahiya lamang na humarap na muli kay Tino.

—E, pasensiyahan mo man siya, Tino. Baka man may nagpuntahan lamang siya. Alam mo man, talagang ganyan ang bata na 'yan kung minsan. Basta man nag-alis na lang.

Malungkot na nagpaalam si Tino. At kahit nananabik akong malaman, hirati na rin ako kay Inday, ay hindi ko napaglabanan ang aking matinding pagkaantok.

——‹ o ›——

MAAGA akong nagising. Nguni't para sa balitang nagisnan kong nakakalat na sa ngayon ay tanghaling-tangtanghali na yaon. Madaling-araw pa lamang marahil nang kumalat ang balita pagka't nang magising nga ako'y halos nalalaman na iyon ng lahat. Hindi pa ako naaalimpungatan ay narinig ko na ang balita. Nagtanan daw kagabi si Inday! Iba, hindi si Tino, ang kasama!

Iglap na nagsalimbayan sa aking hinagap ang maraming bagay. Ang pag-ibig ni Tino. Ang pag-alis ni Inday habang pumupormal si Tino. Muli kong nadama ang pagkaaawng pagkatuwa kay Tino. At ngayon ay tiyak nang hindi ako magtataka kung sakaling magkasabay uli sina Sintong Sintu-sinto at Tino sa pagdaraan sa aming tapatbahay. At hindi rin ako magtataka kung pareho na silang humuhuni ng malungkot na himig. Tonong "Basang Sisiw" ang kay Sinto at "Nasaan Ka Inday?" naman ang kay Tino. (X)

——oOo——

## Kayo At...

(*Buhat sa pah. 9*)

ika-2 taon, ang bigat ng bata ay dapat maging apat na beses sa timbang nang ipanganak. Ang maliit na sanggol sa panganganak na tumitimbang lamang ng 4 o 5 libra ay maaari ring makasimbigat ng karaniwang sanggol kung ito'y maging isang taon na.

Ang pagtaas ng timbang ay nababatay sa pagaalaga sa sanggol. Ang talaan ng timbang, kung sa bagay, ay hindi naman patuloy na lagi sa pagtaas. Pagkatapos ng pagsilang nag sanggol, nawawalan siya ng bigat na mga 10 o 11 onsa na nababalik din pagkaraan ng mga dalawang linggo. Habang maliit ang bata, ay lalo pa ring matagal na mabalik sa kanya. Sa panahon ng pagngingipin, tag-init, o kung ang bata ay sinisipon o may lagnat, o kung maglilingkot na, ang pagtaas ng timbang ay nababalam.

*Ang taas ng bata...*

Pagkapanganak sa bata ito ay may habang mula sa 19½ hanggang 20 pulgada. Nararagdagan ng 9 na pulgada ito sa isang taon. Gaano ang inilalaki nito! Sa buong buhay ng tao ay hindi na siya magdaragdag ng ganitong kalaki sapagka't kung ito'y magpapatuloy siya'y lalaking parang higante. Sa kanyang ikalawang taon, nararadagan ang kanyang taas ng 4 na pulgada, at 3½ sa ikatlong taon. Tauntaon ang mararagdag sa kanyang pagtaas ay paliit na nang paliit. Mula sa kanyang ikalimang taon ang itinataas lamang ay dalawang pulgada sa bawa't taon hanggang sa iyo'y maging 11 taon, kung babae, at 15 kung lalaki.

Marahil ay mapupuna ninyo na ang mga bata sa mga panahong ito ay lalong malalaki kaysa mga panahong nagdaan. Ito ay maaaring dahil sa higit na karunungan ngayon tungkol sa wastong pagkain at pagsunod sa mga karunungang ito. At higit pa riyan, ang mga bata ngayon ay lalong sanay sa mga gawaing panlabas ng tahanan kaysa sa mga nakagawiang mga laro sa loob ng bahay noong araw.

*Ang ulo...*

Sa sandaling ipanganak ang bata, ang ulo nito ay may kalakihan para sa katawan. Ang sukat nito ay may 13½ pulgada, samantalang ang dibdib ay may 12½ o 13 pulgada ang sukat. Ang ulo ay lumalaki ng apat na pulgada sa unang taon at isang pulgada lamang sa ikalawang taon.

May nahihipo kayong dalawang malambot na bahagi sa ulo ng bata. Ito ang mga tinatawag na bumbunan sa harap at sa likuran. Ang bumbunan sa likuran ay nawawala sa ikalawang buwan samantalang ang sa harap ay nagsasara sa loob ng 18 buwan. Ang hindi pagsasara o pagtigas nito ay nagbabadya na ang bata ay kulang sa wastong pagkain o may sumasanhing sakit ang bata sa utak. Ito'y natutuloy sa meninghitis o sa tumor sa utak. Paminsan-minsan, may mga batang malulusog na may matataas na bumbunan lalo na't kung umiiyak. Maaari rin namang maging malalim ang bumbunan kung ang bata ay hindi tumatanggap ng mga wastong pagkain o kung nagkasakit ng pagkukurso at iba pang pangyayaring nagpapabawas ng tubig sa loob ng katawan.

*Ang mga buto ng sanggol*

Malambot ang mga buto ng isang sanggol nguni't ito'y tumitigas habang ang bata ay lumalaki at nakakatanggap ng wastong pagkain. Dahil sa kalambutan ng buto ng sanggol maaaring magbago ito ng hugis kapag nadadaganan. Halimbawa, kung ang sanggol ay laging nakahiga nang patagilid, ang ulo nito ay mapipipi sa panig na nadadaganan. Sa kabilang dako ang buto ng sanggól, dahil sa kalambutan ay hindi naman nababali, isang malaking kapalarang maituturing dahil sa kadalasan niyang mahulog o marapa, na mahirap maiwan habang siya ay nagkikikilos. (Sa susunod na kabanata ay matutunghayan ang tungkol sa pangangalaga ng ngipin at mga unang buwan ng inyong mga sanggol)

—‹ O ›—

## Sa Liwanag ng ILAW

ni En. C. Asleham

### o, buhay!

*hubad na sa dahon*
*ang puno ng kahoy*
*na hindi miminsang nagbigay ng lilim*
*sa ulilang pusong lubhang maramdamin;*
*labi man ng pugad*
*ng bigong pangarap,*
*sa sangang kalansay ay walang nabitin.*

*tuyo na ang batis*
*na kaibig-ibig;*
*wala na't naparam ang mahinhing agos*
*na limit habulin ng aking pag-irog—*
*isa nang larawan*
*ng maputlang hukay*
*na wala ni bakas ng tubig na bubog.*

*wala nang liwanag*
*ang tala ng palad*
*na tinitingala at inaamutan*
*ng nagpapaningning sa hiram kong ilaw—*
*naglahong kasama*
*ang huling ligaya.*
*(maulap nang lubos ang aking kanluran!)*

## Mga Payo...

(*Buhat sa pah. 9*)

pakinabang?

8. Naghihirap ka ba ngayon nang labis dahil sa nais mong makaipon para sa kinabukasan?

9. Gumagasta ka ba ng kaunting halaga upang mabago naman ang nakababagot na buhay at makatikim ng kakaibang nakapananabik na mga karanasan?

10. Dahil ba sa kagustuhan mong magkaroon agad ng salapi ay nakagagawa ka ng hindi mabuti at pagkaminsan ay nakikipagsapalaran ka sa sugal?

Mga katumbas ng iyong kasagutan (ang mga sagot na oo lamang):

7-10... nagpapakilala ng kakulangan mo ng wastong pagtitimbang-timbang ng mga bagay-bagay ukol sa wastong paggasta.

2-6... kailangan pa ang kaunting pag-iingat sa paggasta upang lalo kang maging maligaya at matupad mo ang iyong mga hinahangad.

Kung ang iyong sagot na oo ay mababa pa sa dalawa, ito ay isang pagpapatibay ng karunungan mo sa paggasta.

## Dalawang ...

(*Buhat sa pah. 15*)

ming sakit ng bayan — mga di-pagkilala ng pamahalaan sa nararapat kilanling paglilingkod ng maraming namuhunan ng buhay sa ikapagtatamo ng kasalukuyang kalayaan, mga pagsasamantala ng mga ganid sa kapuwa nila Pilipinong nasa panahon ng kagipitan, mga pang-uupat ng mga diwang mapanligalig upang samantalahin ang kahinaan ng mga naapi at nang sa gayo'y makahikayat ng mga bulag na tagasunod sa ibinabandila nilang ideolohiya.

Ang nobelang nabanggit ay nasa pag-iingat ngayon ni G. Romeo Galang, isang pinsan ni Pabling, at umano'y ipagpapatuloy ang pagsulat sa nobela. Nang minsang hiramin ko upang basahin ay buong pananabik na sinunggaban ng isa kong kaibigan. Maagap niyang inisa-isa ang mga kabanatang nasulat na ni Pabling at nang makita ang huling kabanata ay napailing siya, at binalingan ako.

—Talagang marami ang nalagot sa ikalabintatlo, ano? —ang bulalas.

Hindi ko agad naunawaan ang ibig niyang sabihin. Maagap kong tinunghayan ang huling kabanatang kanyang tinutukoy. At parang hindi kapani-paniwala. Nasa ikalabintatlong kabanata ng nobela si Pabling nang siya'y malagak sa kanyang pinagmulang **O, Sintang Lupa.**

Mapapansing lubhang maingat si Pabling sa pagsulat ng nobela na di tulad ng pagsulat niya ng maikling kuwento. Subali't gayon ma'y sa maikling kuwento siya nagsimulang magkaroon ng pangalan sa panitikang sarili.

Hinggil sa pagsulat ng maikling kuwento'y may naiibang pamamaraan si Pabling, isang pamamaraang tumitiyak na makaiisang kuwento siya sa isang upuan lamang sa harap ng makinilya. At mairagdag pa ang katotohanang sa pag-upong iyon sa harap ng makinilya'y wala pa siyang tiyak na paksang susulatin.

Paano nga kaya iyon?

Di-kalalabisang banggitin na si Pabling, habang naglilingkod sa **U.S. Embassy** bilang tagasaling-wika, ay sumusulat pa rin ng **script** para sa isang palatuntunan sa radyo ng P.M.C. Sabihin pa, kalimitang ang mga dulang panradyo ay sinusulat nang madalian upang huwag mahuli sa **deadline.**

Ang madaliang pagsulat na iyon ang humubog sa isip ni Pabling hinggil sa mabilis na pag-iisip.

Dumating nga ang pagkakataong hindi na siya sumusu-

(*Sundan sa pah. 31*)

## Enrico Caruso

(*Buhat sa pah.* 14)

Ang ginoong ito, na itinuturing na siyang may pinakamagandang tinig sa buong daigdig, ay isinilang sa Napoles noong 1873. Dalawampu't isa silang naging mga anak ng pag-aasawahang kapuwa mahirap. Ang labingwalo ay nangamatay noong mga bata pa, at tatlo lamang isilang pinalad na mangabuhay. Namatay ang kanyang ina noong siya ay 15 taon pa lamang.

Ang kanyang magandang tinig ay masasabing hindi kaloob sa kanya ng langit. Iyon ay kanyang nakamtan sa pamamagitan nang walang humpay na pagsasanay at pagtitiyaga.

Napakaliit ng kanyang tinig noong bata pa. Kadalasan ay pumipiyak o kaya ay nababasag ang kanyang boses kung dumarating sa bahaging mataas na mataas. Dahil dito ay pinayuhan tuloy slya ng isa niyang guro na tumigil na sa pag-aaral ng boses at musika, pagka't talagang walang mangyayari sa kanya. Nguni't hindi siya napanlupaypay ng katotohanang iyon. Lalo niyang dinagdagan ang kanyang pagsisikhay. At hindi naman siya nabigo.

Sa gitna ng kanyang tagumpay ay minsang naluluha siya, lalo na kung nagugunita ang kanyang mga pinagdaanang hirap.

Mahal na mahal niya ang kanyang ina, na pinagkakautangan niya hindi lamang ng kanyang buhay, kundi maging ng tagumpay man niya. Noong nabubuhay pa ang kanyang ina ay natatandaan niyang walang sapin ang paa niyon na naglalakad sa lansangan at yuko ang ulong naghahanapbuhay, mayroon lamang maitustos sa kanyang pag-aaral. At yayamang patay na ang kanyang ina ay maipakikilala niya ang pagmamahal at pagdakila rito sa pamamagitan nang paggunita sa pagpapakasakit ng babatng itong pinagkakautangan niya ng lahat. At upang saglit man ay hindi na niya malimot ang kanyang ina ay lagi niyang dala-dala ang larawan nito saanman siya pumunta.

Lubha siyang mapamahiin. Hinding-hindi siya mapararaan sa ilalim ng hagdanan. Kung araw ng Martes at Biyernes ay hindi siya mapagagawa ng kahit ano. Hindi rin siya nagtatawid-dagat habang hindi muna naisasangguni ang gayon sa isang astrologo.

Ginawa na niyang patakaran sa sarili na itala ang lahat ng kanyang mga gugol, maging iyon ay nagugol sa pinakamaliit na gamit sa katawan o kaya ay ibinigay bilang pabuya sa mga nauutusan niya.

Malinis siyang lubha sa katawan. Halos araw-araw ay nagpapalit siya ng kasuotang panloob at panlabas.

Pambihira ang kanyang kahusayan sa paglilok at paggawa ng karikatura. Linggu-linggo ay nagpapadala siya ng kanyang mga karikatura sa isang malaganap na pahayagan sa Italya.

Sa kanyang mga pag-aaring pansarili ay ipinagmamalaki niya ang koleksiyon ng mga selyo at mga salaping pilak ng iba't ibang bansa.

Nang siya ay sumapit sa kanyang ika-40 taon ay waring nagsawa na siya sa buhay. Ginugol naman niya ang kanyang mga oras sa paggupit ng mga lathala at ulat-pampahayagang ukol sa kanya. Ang mga iyon ay hindi niya pinagsawaang basahing paulit-ulit.

Matindi ang kanyang hinanakit sa sariling bayan, na tinaglay-taglay niya maging sa mga huling sandali ng kanyang buhay. Sa ilang ulit na pag-uwi niya sa Napoles ay hindi miminsang inanyayahan siyang umawit doon, nguni't hindi niya pinaunlakan ang mga kahilingang iyon minsan man.


Ang pinakamaligayang sandali sa kanyang buhay ay sumapit isang araw ng taong 1921. Pumasok sa kanyang estudyo ang anak niyang si Gloria, samantalang siya ay nasa harap ng piyano. Ang pagkakataong iyon ay matagal na niyang pinakaaasam. Napatindig siya at mahigpit na nayakap ang anak at may luha sa matang nasabi niya sa kanyang kabiyak:

—Natatandaan mo pa ba ang sinabi ko sa iyo? ito lamang ang aking pinakahihintay!

Isang linggo pagkaraan niyon ay nalagutan ng hininga si Caruso, sa gitna ng pagluha ng kanyang maybahay, ng anak na si Gloria at ng buong mundong tapat na nagmamahal sa kanya. Namatay siya sa gulang na 48 taon.

Kabilang sa kanyang may apatnapung opera at mga awitin ang sumusunod: **Pagliacci, Vesti la Guiba, Matinata, Because, Celeste Aida at Serenata de Don Juan.**



NAPATUNAYANG PAGSUBOK!



BAGONG TABLETANG MABILIS NA NAGDUDULOT NG GINHAWA UKOL SA SAKIT NG ULO, SIPON, PANANAKIT NG KALAMNAN, KASUKASUAN AT TRANGKASO !




Kapagkayo'y lumunok ng pamawi ng kirot na kailangan dumaan sa sarahan ng sikmura bago makabuti, ang pagkakamit ng ginhawa ay naantala hanggang sa magbukas ang sarahan. Napagalaman ng mga manggagamot na ang ilan sa mga sangkap ng karaniwang pamawi ng kirot ay binabalam ang pagdaan sa paligid ng sikmura.




Datapwa't paglunok ninyo ng may tatluhang bisang **CAFIASPIRINA**, ang pagkabalam ay napaparam. Ang mga katibayan sa panggagamot ay nagpapatunay na sa sandaling magsimulang malusaw ang tabletang **CAFIASPIRINA** sa tiyan, ang bisa ay lumalagos sa paligid ng sikmura at sinusugpo ang kirot saan man nagmumula.

BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

tuwirang lumalagos ang bisa sa Paligid ng Sikmura!

...sinusugpo ang kirot saan man nagmumula!

ANG 3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" NG CAFIASPIRINA AY NAGDUDULOT SA INYO NG

3 Ulit ng bisang pamawi-ng-kirot ng aspirin!

WALA NG MAKAKAPARIS SA BAGONG PORMULANG MAY TATLUHANG BISANG CAFIASPIRINA UKOL SA DAGLI, HIGIT NA MATAGAL NA GINHAWA.

Alalahanin, ang **CAFIASPIRINA** ay nagdudulot hindi lamang isa kundi dalawang dagling nagkakabisang pamawi ng kirot, at may pangatlo pang sangkap na nagbibigay sigla, pinapawi ang panghihina, na malimit kaagibat ng kirot. Ang tatlong-sangkap na ito'y sabay-sabay na nagkakabisa upang magdulot ng mabilis na ginhawa. Bago ninyo malaman, ang kirot ay napawi na pati ng nakababagabag na kaagibat nito.

Napatunayan ng siensia na ang bagong pormulang Cafiaspirina ay napakabilis magpaginhawa . . . ito'y mapapatunayan din ninyo. Subukan ang Cafiaspirina ngayon, ukol sa dagli, banayad, at tiyak na ginhawa sa sakit ng ulo, sipon, trangkaso.





BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

42-1

3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

Each tablet contains Acetylsalicylic Acid .380 Gm.; Phenacetin .075 Gm., Caffeine .025 Gm.


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
SA DAKILANG PLANETANG MAGNA, ANG PANGKALAWAKANG TIMPALAK AY MALAPIT NANG MAGWAKAS.
ANG LABINDALAWANG PAGPIPILIAN NG ISANG "BINIBINING KALAWAKAN". HAHARAP SILA SA KANYANG KAMAHALAN, EMPERADOR MAGNON, NA PIPILI NG TATLONG NAGWAGI!
1
SI MANDRAKE AI ANG LABINDALAWANG NAPILI AY LUMUNSAD SA ISANG MAHIWAGANG SASAKYAN.
2
IYON BA ANG PALASYO NG EMPERADOR?
ANG KANYANG TAHANAN. MAYROON SIYANG ISANG MILYONG PALASYO!
AT ANG MGA KALAHOK AY INILIPAD SA MAHARLIKANG PALASYO NI MAGNON!
3
ANG MGA KASUOTANG ITO'Y PARA SA INYO. LABINDALAWANG UTUSAN ANG SUSUNOD SA IPAG-UUTOS NINYO. INYO RIN ANG MGA ALAHAS NA IYAN.
BAWA'T ISA'Y BINIGYAN NG KANI-KANIYANG SILID.
4
ABA, ANG EMPERADOR NG ISANG MILYONG PLANETA! AT HAHARAP AKO SA KANYA! NATATAKOT AKO!
TANDAAN MO LAMANG, NA SIYA'Y ISANG LALAKI NA NAGPATIMPALAK SAPAGKA'T BINIGO NG ISANG BABAE. DI KA DAPAT MANGAMBA.
5
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
PAANYAYA BUHAT SA EMPERADOR PARA SA GAGAWING PANGWAKAS NA PAGPILI.
KAWAWANG LOKO--TUMIPON NG SAMPUNG MILYONG KAGANDAHAN PARA MALIMOT AKO. HINDI NIYA MAGAGAWA. PUPUNTA AKO AT DADAIGIN SILANG LAHAT! SAKA KO SIYA PAGTATAWANAN!
SAMANTALA, SI CAROLA, ANG DAHILAN NG LAHAT!
-ITUTULOY-
6
3-24



Si Gus at Si Jaq
ni Walt Disney
HILUNG-HILO NA ANG MGA "DAGITIS"--PAANO NILA MAPALALAYA SI JAQ SA MGA KUKO NI LUSIPER ???
IWAN N'YO NA 'KO SABI! SUMEPA NA KAYO AT DAL-HIN ANG ALPILER!
Z Z Z Z
SOB!
SA-SABIHIN MO KAY SINDERELA NA NASAWI SI J-JAQ!
DALHIN NATIN ANG ALPILER KAY SINDE-RELA--SAKA NATIN HINGAN NG TULONG!
PERO... MAGIGING HULI NA PARA ILIG-TAS SI JAQ!
SA SANDALING YAON, NAG-ALBOROTO SI MIYAW...
Z Z Z Z Z
OH!!
ATRAS KAYO! PAG NAKITA TAYO'Y LAGOT NA!
ARA-RAY!
BAKA MAY IPAHAMAK PA KAYO SA ALPI-LER NA 'YAN. AKALA KO'Y DINAPUAN NA AKO NG TRANGKASO!
SORI, BOSS! HUMULAGPOS ANG TULIS!
3-24
World Rights Reserved
TEKA! MAY IDEYA SI GUS PARA MAILIGTAS SI JAQ!
?
BAGO NAPIGILAN SI ADBANSING GUS, ITO'Y TULUY-TULOY NA NAGMARTSA PATUNGO KAY LUSIPER AT KAY JAQ, DALA ANG NAIIBANG SANDATA...
TATAPUSIN...

# 'VILLA MUERTE'


Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS



## SABITAN NG SAPATOS



Upang magawa ang sabitang ito ang mga kinatain na kahoy na may iba't ibang haba ang kailangan
2 pirasong 3" x ¾" x 2'3" haba
3 pirasong 1½" x ¾" x 2'2" haba
4 na pirasong 1½" x ¾" x 1' haba
4 na pirasong ¾" kabilugan, 2¼". haba.
Ang mga pirasong ito'y pag-uugpungin gaya nang ipinakikita sa guhit. Ukiin ang likod at harap na tagiliran at bilugin ang harap na tagiliran. Barenahin ang likod para sa pagkakabit sa dinding sa pamamagitan ng turnilyo.





Ang mga sabitang bahagi ay magkakatulad. Ibutas sa pamamagitan ng barena ang mga sabitang bahagi sa mga kinauukulang sugpungan nito nang may ½" diametro ang luwang at may lalim na ¾". Pagkatapos ay isugpong ang mga dulo ng sabitan sa ½".


## WASTONG PAGGAMIT NG LAGARI

Ang unang dalawang bagay na dapat tandaan sa paglalagari ay ang paggamit sa buong haba ng talim at ang magaang na pagpapausad ng lagari.

Iusad ang lagari nang pasulong at pabalik. Sa lagaring may 26 na pulgada ang haba ay katamtaman ang animnapung usad sa isang minuto.

Karaniwang nahihirapan ang sinuman sa pagsisimula ng paglalagari.





Maaaring umangat-angat ang lagari at makalikha ng baku-bakong hiwa sa gilid ng kahoy. Sa isang larawan ay ipinakikita ang paraan ng wastong pagsisimula. Ang kaliwang hinlalaki ay inilalagay sa ibabaw ng kahoy at idinadaiti sa lagari upang ito'y huwag pumaling.

Maglagari nang dalawa o tatlong ulit na pataas bago maglagari nang pasulong. Huwag bibigatan ang kamay.

Sa paglalagari ng isang mahabang putol na tabla tulad ng nasa isang larawan, ay ipatong ang dalawang dulo sa katangan at hanggang maaari'y pahalang ang ayos ng tabla.

25-2

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-13 LABAS
ang nakaraan: Napilitan si Rene na ipagtapat sa ina ang nangyari sa kanila ni Teresa. Muling sumumpong ang sakit ng matanda. Namimitak na ang araw nang marinig ng ilang nagdaraan ang malakas na panangis nina Rene at Teresa...
HU-HU-HU-HU-HU...
'NAY KOOO!... HU-HU-HU-HU... 'NAAAAAAYYYYY...
ANO KAYA ANG NANGYAYARI SA BAHAY NA 'YON...?
MAY MGA TAO SA KANILA!... BAKIT KAYA?
Katha ni EDDIE RAÑOLA
PATULOY NA NANGAPAPATIGAGAL ANG MGA NAGDARAAN HABANG PATULOY ANG PANANGISANG NAGBUBUHAT SA TAHANAN NINA TERESA... SAMANTALA, NANG MGA SANDALING IYON...
KAILANGANG MAKAUSAP KO AGAD SI TERESA UPANG MAIHINGI NG PAUMANHIN ANG NANGYARI KAHAPON...
PAGKAPAGAGAHAN AY NAGBIHIS AT NANAOG ANG BINATA. BAHAGYA NANG NAPANSIN ANG AMA'T INANG NARAANAN SA MAY SALAS...
SAAN KAYA ANG LAKAD NG BATANG 'YAN...
MALAY KO! MUKHANG MASAMA PA ANG ULO DAHIL SA SINABI KO KAGABI! HINDI MAN LAMANG NAGSABI SA ATIN KUNG SAAN PUPUNTA!
MALAYU-LAYO PA SA TIRAHAN NINA TERESA AY NATANAW NA NI LEANDRO ANG ILANG TAONG LABAS-MASOK SA BAHAY NG DALAGA. BIGLA SIYANG KINABAHAN...
NAPATIGIL SA MAY PINTUAN ANG BINATA DAHIL SA TUMAMBAD NA TANAWIN...
'NAY KOOO!... HU-HU-HU...! 'ALA NA KAMING NANAY! ...INIWAN NA KAMI... HU-HU-HU-HU...
HU-HU-HU-HU...
TAHAN NA KAYO... LALONG MAHIRAP KUNG PATI KAYO'Y MAPAANO!... TALAGANG GANYAN LANG ANG BUHAY...
KUNG IISIPI'Y MABUTI NA NGA ANG KALAGAYAN NGAYON NG INYONG INA PAGKAT NATAPOS NA ANG MATAGAL NA NIYANG PAGHIHIRAP SA KANYANG KARAMDAMAN...
MARAHANG LUMAPIT SI LEANDRO SA MAGKAPATID. NGUNIT BAGO SIYA NAKAPAGSALITA AY...
IKAW...! AT NAPARITO KA PA! ...UMALIS KA NA! HUWAG MO NA KAMING GAMBALAIN!
NGUNIT, TERESA...
LABIS NA DINIBDIB NG AKING INA ANG KAHIHIYANG TINANGGAP NAMING MAGKAPATID! SUMUMPONG ANG KANYANG SAKIT AT SIYA'Y NAMATAY!... ANG IYONG AMA AT ANG IYONG PINSAN ANG MAY KASALANAN NG LAHAT...
JOSE ISLA
KAYO... KAYO... ANG PUMATAY SA AMING INA!
AT PAGKUWA'Y MULING NAPABULALAS NANG IYAK ANG DALAGA...
HU-HU-HU-HU-HU...
MALABIS KONG DINARAMDAM ANG LAHAT! ...HINDI KO AKALAING PITO HUMANGGA ANG PANGYAYARING IYON!... NGUNIT WALA AKONG KASALANAN, TERESA! SA KATOTOHANA'Y...
OO... PERO NI HINDI MO KAMI NAIPAGTANGGOL SA KANILANG MGA PAG-UPASALA! NAKAALIS AT NAKAALIS KAMI AY HINDI NO MAN LAMANG INIHATID, O SINUNDAN KAYA...
TALAGANG PINAGTULUNG-TULUNGAN N'YO KAMI NG ATE KO! MGA SALBAHE KAYO!...
SUSUNDAN KO SANA KAYO... PERO PINIGIL AKO NG AKING PAPA, AT PINAGBIGYAN KO NA LAMANG UPANG HINDI NA LUMUBHA ANG USAPAN SA HARAP NG AMING MGA PANAUHIN...
HINDI AKO NANINIWALA!... UMALIS KA NA, UTANG NA LOOB! IWAN MO NA KAMI! HINDI NA KITA GUSTONG MAKITA PA!
TERESA...
(TUTULOY)






*Isa sa mga pinakahuling larawan ni Lita Rio nang siya'y itampok na modelo sa isang babasahing tagalog*

*Kuha ang larawan sa kaliwa noong taong 1952, nang si Lita Rio ay maglakbay sa Amerika. Sinadya niya ang Paramount Studios sa Hollywood, at dito'y inabutan niyang may siyuting si Bob Hope na masayang pumiling sa kanya upang pakuha ng larawan.*

## WALANG HINDI MATUTUPAD...

(Buhat sa pah. 5)



*Bago magpasimula ng ano mang gawain ay maayos na inihahanda muna ni Lita ang lahat ng kanyang mga kailangan. Ito'y isang bagay na ikinapupuri ng mga suki sa kanyang "beauty shop".*

ang di na paglabas sa pelikula upang ang harapin naman ay ang sining ng pagpapaganda. Si Lita ay may nalalaman na noon sa pagpapaganda sapagka't siya'y sadyang kumuha ng "beauty culture" sa Realistic Academy. At ang mga paaralan sa Pransiya ay nilibot niya upang magpakadalubhasa sa modernong pamamaraan ng pagpapaganda at pag-aayos ng buhok.

Kaya nang magbalik siya sa Pilipinas, walang unang sinikap si Lita kundi ang magtipon ng sapat na halaga upang makapagpatayo ng isang "beauty salon", at hindi isang "basta-basta" ang ibig niya kundi de-primera klase. At ito naman ay natupad niya. Bukod sa pagpapaganda ay mayroon na rin siyang patahian sa isang bahagi ng kanyang "shop" at dito ay mabilis na dumami ang kanyang mga suki.

Tagumpay ang mga pagsisikap ni Lita Rio. Nguni't marami ang nagtataka kung bakit siya'y hindi pa "lumagay sa tahimik." Ang dahilan ay sapagka't isang mabuting anak si Lita. Alam niyang siya'y kailangan ng kanyang mga magulang upang katulungin sa pagtataguyod sa kanyang mga kapatid. Masipag din si Lita. Minsan ay dinalaw namin siya at inabutan naming nagpipinta sa isang panig ng kanyang "shop". Kung minsan at mahirap mapasunod ang kanilang mga katulong ay siya na rin ang naglilinis ng kanilang kotse at siya na rin ang nagmamaneho.

Nang abutan namin sa kanilang tahanan si Lita na nagdidilig ng kanilang halamanan ay biniro namin ng ganito: —Kung kumukuha ka na ba naman ng "ehem", e di hindi na ikaw ang gagawa niyan.

—Naku, *dear,* —ang sabi niya, —hangga ngayon ay wala pa tayong napipiling katapat ng kursunada. Kung hindi ko rin lamang matatagpuan ang hinahanap ko ay mabuti pa nga ang huwag na.

Talagang ganyan ang ugali ni Lita. Malambing siya sa mga kaibigan, palabati at magiliw makipagusap kahit miminsan pa lamang nakakaharap ang isang tao. Subali't gaya ng kanyang sinabi, pihikang talaga si Lita kahit sa anong bagay. Hanggang sa pagkain ay taglay niya ng pagkapihikan kaya't kalimitan ay siya ang nagluluto ng kanilang pagkain sa "shop" (hindi na sila umuuwi sa bahay kung tanghalian) kung ibig niyang kumain nang magana.

Binabalak ni Lita na muling maglakbay sa Europa upang lalong magpakadalubhasa sa larangan ng pagpapaganda. At kung ano man ang iba pa niyang balak na kaugnay ng muling paglalakbay na ito, ay siya lamang ang nakaaalam.

Iyan si Lita Rio. Ang kanyang pananagumpay sa buhay ay lubhang mahalaga at may magandang inihahalimbawa. Sa kanyang mga naging karanasan ay ipinakikilala niyang walang hindi matutupad kapag talagang matatag ang hangarin at kapasiyahan ng isang tao!

## Ang Aking....

(Buhat sa pah. 27)

-abihin? —wika niya. —Ako man ay may ipagtatapat din sa iyo, e. Isang bagay na matagal ko na sanang ibig sabihin, nguni't hindi ko rin magawa.

Nangislap ang aking mgà mata. Hininala kong baka ang nais niyang ipagtapat ay kaugnay ng salitang binitiwan niya sa akin nang hapong manggaling kami sa Luneta. At nakadama ako ng pananabik.

—Ang bagay na ipagtatapat ko sa iyo ay nais kong malaman mo sa oras na lalong mahalàga para sa atin. —matalinghaga niyang wika.

—Ano ang ibig mong sabihin?

—Sa Linggo mo na malalaman. Pumunta ka uli sa amin sa Linggo ng hapon at doon ko sasabihin sa iyo. Pihong matutuwa ka, pag nalaman mo...

Hindi ako nagpilit na malaman noon din ang bagay na ipagtatapat niya. At pinanabikan ko ang pagsapit ng Linggo ng hapon.

Suot ko ang isa sa pinakamagara kong damit nang magtungo ako sa kanila kinalinguhan. Masayang-masaya ako at parang ibig kong umawit sa kaligayahan. Ano kaya ang ipagtatapat niya sa akin? Katulad din kaya ng bagay na nais kong ipagtapat sa kanya?

Pcg nagkataon, ako ang magtatamo ng karangalang naging mapalad sa pag-ibig ng isang bituing may di-mabilang na tagahanga. At ang gayo'y maipagmamalaki ko sa aking kapuwa!

Dinatnan kong may kausap siyang isang makisig na lalaki sa kanilang salas. Magiliw niya akong sinalubong, at bago ako nakapagsalita ay...

—Ipinakikilala ko sa iyo ang magiging Mister ko! —ang wika niya sa akin, na ang tinutukoy ay ang makisig na lalaking nakangiti rin sa akin.

Sa kahilingan ko ay pumayag siyang ikaw ang maging "best man" namin. Natutuwa ka ba?

Hindi ako nakapagsalita. Sa pakiwari ko'y para akong naging isang tau-tauhang hindi makakilos nang mga sandaling iyon.

—Matagal kong inilihim sa iyo ang tungkol sa amin, —muli niyang wika. —Ang ibig ko'y maging maayos na muna ang lahat bago namin ibunyag. At ngayon... ay ikaw ang binigyan namin ng karangalang unang-unang makaalam ng bagay na ito. Ano, payag ka bang maging "best man" namin?


Napatango na lamang ako. At pagkuwa'y nagpaalam na ako, sa pananahilang masakit ang aking ulo.


Hindi na ako sumipot sa kanila buhat noon. At maging ang mga pelikulang nilalabasan niya ay hindi ko na rin pinanood. Iniwasan ko nang makita kahit ang larawan niya sa pelikula sapagka't nalalaman kong lalo lamang aantak ang sugat ng aking puso.

Hanggang ngayon, hindi pa rin natutuloy ang kasal nila ng lalaking iyon. At may balita akong tila hindi na raw matutuloy, aywan kung sa anong kadahilanan. Nguni't wala nang kabuluhan sa akin matuloy man o hindi ang kanilang kasal. Ang tanging mahalaga sa akin ay ang makalimot sa nasiphayo kong pag-ibig, na ngayon ko lamang nabatid ay wala palang tatamuhing langit sa babaing kinauukulan!

Ano man ang mangyari sa akin ay wala akong binibigyang-sisi. Ito ang aking kapalaran, at nararapat kong pagtiisan. Nguni't ang mga araw na namagitan sa amin, ang pasanda-sandaling ligayang tinamo ko sa magiliw na pakikitungo niya sa akin, ang "maling akala" ko nang mga nakaraang araw na paano't paano man ay nagsilbing ligaya rin ng aking puso, ay isang yaman ng aking buhay na babakas-bakasin ko sa alaala. At natitiyak kong kahit sa gan-

(Sundan sa pah. 31)

Tunay bang pinangangalagaan
ang inyong kagandahan
ng sabong ginagamit ninyo
sa kasalukuyan?



# fresco

DEODORANT BEAUTY SOAP

NA MAY **Arodin**

## nakasusugpo sa amoy-pawis pinagaganda ang inyong kutis!



Ang Arodin sa Fresco ay nakapapawi ng mga mikrobyong nagiging sanhi ng amoy pawis... at pinagmumulan ng mantsa sa balat!



Pinamamalagi kayong kaibigibig ng Fresco. Ipinagsasanggalang kayo laban sa amoy pawis, pinangangalagaan ang inyong kutis. Ang kulay-rosas na Fresco ay may kahalihalinang bango!

Ang Arodin sa Fresco ay pumupuksa sa mikrobyo. Ito'y ganap na mabisa nguni't banayad na deodorante.






*fresco* kahalaga lamang ng mga karaniwang sabong pampaganda!